TANONG NG ESTADO BLG. 3

Amyenda sa Titulo 7, 32, 52, 53, 54, 55, 56, 57 ng Nevada Revised Statutes

Dapat ba'ng amyendahan ang Nevada Revised Statutes upang lumikha ng 2% buwis na ipapataw sa kabuua'ng kinita ng mga sangay na nagsasagawa ng negosyo sa Nevada na ang kabuua'ng pumasok na kinita sa isang dapat ipagbayad ng buwis ng anumang taon ay lumagpas sa $1 million, na ang mga nasingil na buwis ay mapupunta sa State Distributive School Account na hahati-hatiin sa mga iba't-ibang paaralan ng distrito at mga iba pang chartered na eskuwelahan sa Nevada?

Oo ☐ Hindi ☐

BUONG TEKSTO NG PANUKALA

ANG INISYATIBA SA EDUKASYON

PALIWANAG – Ang pananalita na ***naka-matingkad na italika*** ay idadagdag sa Nevada Revised Statutes; ang pananalita sa pagitan ng mga bracket ~~[tinanggal na pananalita]~~ ay iaalis.

ANG MGA MAMAMAYAN NG ESTADO NG NEVADA AY GUMAWA NG BATAS TULAD NG SUMUSUNOD:

Seksyon 1. Ang batas na ito ay nagbibigay para sa pagpapataw ng isang buwis sa tinubo ng mga sangay sa negosyo na nakikibahagi ng negosyo sa Estado, at humihingi na ang mga nalikom na buwis ay gamitin upang pondohan ang operasyon ng mga pampublikong paaralan sa Estado'ng ito para sa kindergarten hanggang ika-12 grado.

Sec. 2. Titulo 32 ng NRS ay inamyendahan sa pamamagitan ng pagdaragdag dito ng isang bagong kapitulo upang bumuo ng mga probisyon na itinakda bilang mga seksyon 3 hanggang 45, magkakasama, ng batas na ito.

Sec. 3. ***Tulad ng ginamit sa kapitulo na ito, maliban kung hindi kinakailangan ng kaugnay na kahulugan, ang mga salita at mga tuntunin na tinukoy sa seksyon 4 hanggang 17, magkakasama, ng batas na ito ang mga kahulugan ay dahilanin sa kanila sa mga seksyon na iyon.***

Sec. 4. ***"Kaanib na grupo" ay nangangahulugan na isang grupo ng dalawa o higit pang mga sangay sa negosyo, ang bawa't isa ay kontrolado ng isa o higit pang mga karaniwa'ng mga may-ari o sa pamamagitan ng isa o higit pa'ng mga miyembro ng grupo.***

Sec. 5. ***"Negosyo" ay nangangahulugan na anumang aktibidad na nakikibahagi o naging dahilan upang maging bahagi na may pakay na magtamo, makinabang o kalamangan, alinman sa diretso o hindi diretso, sa sinumang tao o sangay ng pamahalaan.***

Sec. 6. ***1. Maliban kung iba ang ibinigay ng seksyon na ito, "sangay ng negosyo" ay nangangahulugan na isang korporasyon, samahan, pagmamay-ari, limitado'ng-saguti'ng kompanya, asosasyon ng negosyo, pinagsama'ng pakikipagsapalaran, limitado'ng-saguti'ng pagsososyo, ipinagkatiwala'ng negosyo, propesyonal na asosasyon, magkakasama'ng sosyo'ng kompanya, humahawak na kompanya at anumang iba pang mga tao na nakatuon sa isang negosyo, at may kasamang isang pinagsamang grupo.***

2. "Sangay sa Negosyo" ay hindi kabilang ang:

(a) Ang isang tao maliban kung ang taong iyon ay nakatuon sa isang negosyo at hinihingi na magharap sa Internal Revenue Service ng isang Iskedyul C (Porma 1040), Kinita o Pagkalugi Mula sa Negosyo o katumbas nito o kapalit na paraan, isang Iskedyul E (Porma 1040), Karagdaga'ng Kita at Pagkalugi, o katumbas o kapalit na porma nito, o isang Iskedyul F (Porma 1040), Kinita o Pagkalugi Mula sa Pagsasaka, o katumbas o kapalit na paraan nito, para sa negosyo na iyon;

(b) Ang isang sangay ng gobyerno;

(c) Ang sinumang tao o iba pang sangay ng Estado'ng ito na pinagbabawala'ng magbuwis sa ilalim ng Saligang-Batas, batas o kasunduan ng Estados Unidos o ng Saligang-Batas ng Nevada; o

(d) Anumang credit union na awtorisadong mangasiwa ng negosyo sa Estado'ng ito alinsunod sa probisyon ng kapitulo 678 ng NRS.

Sec. 7. ***"Pinagsamang grupo" ay nangangahuluga'ng isang magkaanib na grupo ng mga sangay ng negosyo na kinakailanga'ng magpasok ng pagbabayad bilang grupo alinsunod sa seksyon 27 ng batas na ito.***

Sec. 8. ***"Komisyon" ay nangangahulugan na ang Nevada Tax Commission.***

Sec. 9. ***"Kinokontrol ng" ay nangangahulugan na ang pag-aari, diretso o hindi diretso, ng kapangyarihan upang mangasiwa o magbigay ng direksiyon ng pamamahala at mga patakaran ng isang sangay ng negosyo, maski sa pamamagitan ng pagmamay-ari ng mga mahalagang papeles sa pagboto, sa pamamagitan ng kontrata o ibang paraan.***

Sec. 10. ***" Nakikibahagi sa isang negosyo" ay nangangahuluga'ng pagsisimula, pagsasagawa o pagpapatuloy ng isang negosyo, ang pagsasakatuparan ng mga kapangyarihan sa korporasyon o prangkisa patungkol sa isang negosyo, at ang paglikida ng isang negosyo na o nakibahagi sa isang negosyo kung saan ang taong nahirang para sa pagbibili ay nagpakilala mismo sa publiko na nagsagawa ng negosyo na iyon.***

Sec. . 11 ***"Sangay ng Gobyerno" ay nangangahuluga'ng:***

1. Ang Estados Unidos at anumang mga hindi nakatala'ng ahensya at kaparaanan.
2. Anumang nakatala'ng ahensiya o kaparaanan ng Estados Unidos na ganap na pag-aari ng Estados Unidos o sa pamamagitan ng isang korporasyon na ganap na pag-aari ng Estados Unidos.
3. Ang Estado ng Nevada at anumang mga hindi nakatala'ng ahensya at kaparaanan.
4. Anumang probinsiya, lungsod, distrito o iba pang mga pampulitika'ng subdibisyon ng Estado.

Sec. . 12 ***"Institusyon na Nagpapautang" ay nangangahuluga'ng isang sangay na nagbibigay ng mga pautang at:***

1. Ay kinokontrol ng Lupon ng Reserba Pederal, ng Opisina ng Tagasiyasat ng Salapi, ang Pederal na Korporasyon ng Seguro sa Deposito, ang Komisyon sa Palitan ng Hinaharap na Kalakal, ang Opisina ng Superbisyon sa Pagtitipid o anumang maihahambing na katawan ng regulasyon;
2. Ay lisensyado ng, nakarehistro sa o kung hindi man ay kinokontrol ng Komisyoner ng Institusyon ng Pananalapi;
3. Ay isang "tagapamagitan" o "komersyante" tulad ng tinukoy sa 15 USC § 78c; o
4. Nagbibigay ng puhunan sa walang-kaugnaya'ng panig para lamang sa mga produksyon pang-agrikultura.

Sec. 13 ***"Pinadaa'ng-kita" ay nangangahuluga'ng:***
1. Pumasok na kita na natanggap ng isang sangay ng negosyo sa ngalan ng iba sa kapasidad bilang inilantad na ahensiya, kasama na ang, walang limitasyon, natanggap na kinita na pumasok bilang isang tagapamagitan, tagapanagot, consignee, o auctioneer, kahiman ay maaaring magkaroon ng pananagutan ang sangay ng negosyo, una o pangalawa, sa isang transaksyon sa kapasidad nito bilang isang ahente;
2. Mga buwis na nakolekta ng sangay sa negosyo mula sa ikatlo'ng partido at ipinadala sa pamamagitan ng mga sangay ng negosyo sa isang awtoridad sa pagbubuwis; at
3. Pagbabalik ng bayad para sa pauna'ng bayad na ginawa ng isang sangay ng negosyo sa ngalan ng isang parokyano o kliyente, tungkol sa mga serbisyo'ng ibinigay o tungkol sa mga pagbili ng sangay ng negosyo ng mga kalakal bilang pagsasagawa sa bahagi ng negosyo'ng kinabibilangan.

Sec. 14. ***"Maaaring pabuwisan na taon" ay nangangahulugan na ang maaaring pabuwisan na taon na ginamit ng isang sangay ng negosyo para sa mga layunin ng pederal na pagbubuwis ng kita.***

Sec. 15. ***"Kabuua'ng kinita" ay nangangahulugan na ang kabuuan na halaga na natanggap ng isang sangay ng negosyo mula sa lahat ng mga mapagkukunan, nang walang pagbabawas ng anumang gastos o gastusin.***

Sec. 16. ***"Kabuua'ng kita" ay nangangahulugan na ang kabuuan na pumasok na kinita ng isang sangay sa negosyo tulad ng tinukoy sa ilalim ng seksyon 24 ng batas na ito.***

Sec. 17. ***"Sama-sama'ng negosyo" ay nangangahulugan na ang isang negosyo na inilalarawan sa pamamagitan ng pagkakaisa ng pagmamay-ari, gumagana sa pagsasama, sentralisasyon ng pamamahala at ekonomiya ng antas.***

Sec. 18. ***1. Para sa mga layunin ng kapitulo 'ng ito, ang isang sangay ay bumubuo ng isang "tahini na sangay" lamang kung:***
(a) Ang sangay ay isang pangkalahatang pagsososyo, limitado'ng pakikipagsosyo, limitadong-saguti'ng pagsososyo o limitadong-sagutin limitadong pakikipagsosyo o isang ipinagkatiwala, maliban sa isang ipinagkatiwala'ng negosyo; at
(b) Sa panahon kung saan ibinigay ang tinubo, hindi bababa sa 90 porsyento ng pederal na kabuua'ng kinita ng sangay ang binubuo ng:
(1) Mga dibidendo o interes; at
(2) Darating na kita, bonus o naantala'ng kita sa pagpapa-upa mula sa mineral na ari-arian at kita mula sa iba pang hind-gumagana 'ng ari-aria'ng mineral.

2. Ang kita na inilarawan sa talata (b) ng subseksyon 1 ay hindi kasama ang anumang mga:
(a) Renta; o
(b). Kinita na natanggap ng isang hindi tagapamahala mula sa mineral na mga ari-arian sa ilalim ng isang magkasanib na kasunduan ng pag-papatakbo kung ang hindi tagapamahala ay isang miyembro ng kaanib na grupo at ang ibang miyembro ng nasabing grupo ay ang tagapamahala sa ilalim na pinagsama'ng kasunduan ng pag-papatakbo.

Sec. . 19 *Ang Kagawaran ay:*
1. Pangasiwaan at ipatupad ang mga probisyon ng kapitulo 'ng ito, at maaaring angkinin ang nasabing regulasyon kung sa palagay nito ay naaangkop para sa mga ganoong layunin.
2. Angkinin ang nasabing regulasyon kung kinakailangan o nararapat upang magbigay-kahulugan at isakatuparan ang mga probisyon ng seksyon 24 at 27 ng batas na ito.
3. Panatilihin mula sa nalikom na mga buwis, interes at multa na natanggap nito alinsunod sa kapitulo 'ng ito ang isang halaga na sapat upang magbalik bayad sa Kagawaran para sa mga aktwal na gastos ng pangangasiwa ng kapitulo 'ng ito, sa lawak na ang Kagawaran ay nagtamo ng anumang gastos na hindi sana natamo kung hindi dahil sa pagsasagawa ng batas sa kapitulo 'ng ito, at ideposito ang halaga'ng pinanatili sa Tresurero ng Estado para sa kredito sa Pangkalahatang Pondo ng Estado. Ang pinanatili'ng halaga ay hindi dapat lumampas sa halaga na pinahintulutan ng batas para sa hangari'ng ito.
4. Maliban kung hindi isinaad sa subseksiyon 3, idideposito ang lahat ng mga buwis, interes at multa na natanggap nito alinsunod sa kapitulo 'ng ito sa State Distributive School Account ng Pangkalahata'ng Pondo ng Estado. Ang pera'ng idineposito ay dapat hati-hatiin para sa iba-iba'ng mga distrito ng paaralan at mga iba pang chartered na eskuwelahan ng Estado sa mga oras at sa pamamaraan na ibinigay ng batas para sa salapi na nasa State Distributive School Account.

Sec. 20 *1. Ang bawa't tao na responsable sa pagpapanatili ng mga talaan ng isang sangay ng negosyo ay:*
(a) Ingatan ang naturang mga tala kung kailangan upang matukoy ang halaga ng pananagutan ng sangay ng negosyo alinsunod sa mga probisyon ng kapitulo 'ng ito;
(b) Pangalagaan ang mga talaan sa loob ng 4 na taon o hanggang ang anumang mga paglilitis o pag-uusig alinsunod sa kapitulo'ng ito sa wakas ay matukoy, alinman ang mas matagal; at
(c) Ipakita ang mga talaan para sa inspeksyon ng Kagawaran sa oras na manduhan sa mga makatwirang beses sa panahon ng regular na oras ng negosyo.
. 2. Ang Kagawaran ay maaaring tukuyin sa pamamagitan ng regulasyon ang mga uri ng talaan kung saan ay dapat panatiliin upang matukoy ang halaga ng pananagutan ng isang sangay ng negosyo alinsunod sa mga probisyon ng kapitulo'ng ito.
3. Ang sinumang tao na lumalabag sa mga probisyon ng subseksyon 1 ay magkkasala sa isang maliit na paglabag sa batas.

Sec. 21. *1. Upang I-verify ang katumpakan ng anumang inihain na pagbabayad o, kung walang inihain na pagbabayad ang isang sangay sa negosyo, upang matukoy ang halaga na kinakailangan upang mabayaran, ang Kagawaran, o sinumang tao na awtorisado sa pamamagitan ng pagsulat ng Kagawaran, ay maaaring suriin ang mga libro, mga papeles at mga tala ng sinumang tao na maaari'ng managot para sa mga buwis na ipinataw sa pamamagitan ng kapitulo'ng ito.*
2. Ang sinumang tao na maaaring managot para sa mga buwis na ipinataw sa pamamagitan ng kapitulo'ng ito at kung sino ay nangangalaga sa labas ng Estado'ng ito ng anumang mga libro, mga papeles at mga talaan na may kaugnayan doon ay magbabayad sa Kagawaran ng isang halaga'ng katumbas ng pataan na ibinigay sa mga opisyal ng estado at mga empleyado sa pangkalahatan habang naglalakbay sa labas ng Estado para sa bawa't araw o bahagi nito sa panahon na ang isang empleyado ng Kagawaran ay nakatuon sa pagsusuri ng mga dokumentong iyon, kasama ang ilang mga iba pang mga aktwal na gastos na natamo ng mga empleyado habang siya ay wala sa kanyang regular na lugar na trabaho upang masuri ang mga dokumento.

Sec. 22. 1. Maliban kung iba ang ibinigay sa seksyon na ito, ang isang buwis sa tinubo ay ipinapataw dito sa bawa't sangay ng negosyo na nakikibahagi sa isang negosyo sa Estado'ng ito sa panahon ng anumang maaaring buwisa'ng taon simula sa o pagkatapos ng petsa na ang seksyo'ng ito ay maging epektibo, sa singil na 2 porsyento na maaaring pabuwisa'ng tinubo sa sangay ng negosyo para sa taon na dapat ipagbayad ng buwis.
2. Ang buwis sa tinubo ay umaabot sa mga limitasyon ng Saligang-Batas ng Nevada, ang Saligang-Batas ng Estados Unidos at ang mga pederal na batas na inangkin sa ilalim ng Saligang-Batas ng Estados Unidos.
3. Ang isang sangay ng negosyo ay hindi saklaw ng buwis sa tinubo na ipinataw para sa bawa't taon na dapat ipagbayad ng buwis ukol sa:
(a) Ang halaga ng kabuua'ng kita sa sangay ng negosyo galing sa buong pagnenegosyo ay mas mababa sa o katumbas ng $1,000,000, tulad ng tinukoy sa ilalim ng seksyon 24 ng batas na ito;
(b) Ang sangay ng negosyo ay kwalipikado bilang isang tahimik na sangay, tulad ng tinukoy alinsunod sa seksyon 18 ng batas na ito; o
(c) Ang sangay ng negosyo ay kwalipikado bilang isang libre-sa-buwis na organisasyon alinsunod sa 26 USC § 501 (c).
4. Ang isang sangay ng negosyo na nagbabayad ng anumang buwis na ipinataw sa sangay ng negosyo alinsunod sa NRS 363A.130 o 363B.110 sa alinman sa huling apat na sangkapat ng kalendaryo na

nagtatapos sa o bago ang huling araw ng isang dapat ipagbayad ng buwis na taon kung saan ang buwis sa tinubo ay ipinataw alinsunod sa seksyon na ito ay may karapatan sa isang kredito na salungat sa halaga ng buwis sa tinubo na dapat matanggap mula sa sangay ng negosyo'ng iyon para sa bubuwisa'ng taon sa halaga ng buwis na binayaran ng sangay sa negosyo alinsunod sa NRS 363A.130 at 363B.110 para sa sangkapat ng kalendaryo'ng iyon, ngunit hindi hihigit sa halaga ng buwis sa tinubo na dapat bayaran ng sangay sa negosyo para sa bubuwisa'ng taon.

Sec. 23. ***1. Batay sa mga probisyon ng seksyon 27 ng batas na ito, ang bubuwisa'ng kinita ng isang sangay sa negosyo ay dapat kalkulahin sa pamamagitan ng:***

(a) Pagtukoy sa tinubo ng sangay sa negosyo, kung saan ay ang mas kakaunti ng 70 porsiyento sa kabuua'ng kita ng sangay sa negosyo mula sa buo'ng negosyo, tulad ng tinukoy sa ilalim ng seksyon 24 ng batas na ito, o ng isang halaga na kakalkulahin sa pamamagitan ng:

(1) Pagtukoy ang kabuua'ng kinita ng sangay ng negosyo mula sa buong negosyo sa ilalim ng seksyon 24 ng batas na ito; at

(2) Maliban kung iba ang ibinigay sa subseksyon 2, ibabawas mula sa halaga'ng natukoy batay nasa pang-ilalim na talata (1), sa eleksyon ng sangay ng negosyo, alinman sa:

(I) Ang halaga ng mga kalakal na ibinebenta, tulad ng tinukoy sa ilalim ng seksyon 25 ng batas na ito; o

(II) Ang halaga ng kabayaran, tulad ng tinukoy sa ilalim ng seksyon 26 ng batas na ito; at

(b) Paghati-hatiin ang tinubo ng sangay ng negosyo sa Estado'ng ito tulad ng ibinigay sa seksyon 28 ng batas na ito upang matukoy ang buwis sa tinubo ng sangay sa negosyo.

2. Ang isang eleksyon batay sa ilalim na talata (2) ng talataan (a) ng subseksyon 1 ay dapat gawin ng isang sangay ng negosyo sa tauna'ng pagbabayad nito at ay epektibo lamang para sa taon ng pagbabayad na iyon. Ang isang sangay ng negosyo ay dapat abisuhan ang Kagawaran ng kanila'ng paghahalal ng hindi lalampas sa petsa na ang tauna'ng pagbabayad ay kailanga'ng gawin.

3. Sa pagsasagawa ng anumang pagtutuos sa ilalim ng seksyon na ito, ang isang halaga na sero o mas mababa ay dapat na kalkulahin bilang sero.

Sec. 24. ***1. Maliban kung iba ang ibinigay sa seksyon na ito at napapailalim sa mga probisyon ng seksyon 27 ng batas na ito, para sa layunin ng pagkalkula ng buwis sa tinubo nito sa ilalim ng seksyon 23 ng batas na ito, ang kabuua'ng kita ng isang sangay ng negosyo ay:***

(a) Para sa isang sangay ng negosyo na itinuring para sa mga layunin ng pederal na pagbubuwis sa kita bilang isang korporasyon, ang isang halaga na kinalkula sa pamamagitan ng:

(1) Pagsamahin:

(I) Ang halaga ng iuulat bilang kita sa linya ng 1c ng Porma 1120 Internal Revenue Service; at

(II) Ang mga halaga ng iuulat bilang kita sa mga linya 4-10, kasama, ng Porma 1120 ng Internal Revenue Service; at

(2) Bawasin:

(I) Ang halaga ng anumang hindi bayad na pautang na inilagay sa gastos para sa mga layunin ng pederal na pagbubuwis sa kita na tumutugon sa mga tala ng kita kasama sa pang-ilalim na talata (1) para sa kasalukuyang panahon ng pag-uulat o isang nakaraang panahon ng pag-uulat;

(II) Sa sukdulang kasama sa pang-ilalim na talata (1), ang anumang mga banyagang darating na kikitain at banyagang mga dibidendo;.

(III) Sa sukdulang kasama sa pang-ilalim na talata (1), ang anumang tubo'ng maibabahagi'ng kita mula sa isang sangay ng negosyo na itinuturing bilang isang sosyohan o bilang isang S korporasyon para sa mga layunin pederal na pagbubuwis sa kita;

(IV) Ang anumang ipinahihintulot na pagbabawas mula sa Porma 1120 ng Internal Revenue Service, Iskedyul C, sa lawak na may kaugnayan sa kita'ng dibidendo ay kasama sa kabuua'ng kinita;

(V) Sa sukdulang kasama sa pang-ilalim na talata (1), ang anumang mga tala ng kita na masasabi'ng isang sangay na isang nang binale-wala'ng sangay para sa mga layunin ng pederal na pagbubuwis sa kita; at

(VI) Sa sukdulang kasama sa pang-ilalim na talata (1), ang anumang iba pang mga halaga na pinahintulutan ng seksyon na ito;

(b) Para sa isang sangay ng negosyo na itinuturing para sa mga layunin ng pederal na pagbubuwis sa kita bilang isang sosyohan, isang halaga na nakalkula sa pamamagitan ng:

(1) Pagsamahin:

(I) Ang halaga ng dapat iulat bilang kita sa linya ng 1c ng Porma 1065 ng Internal Revenue Service;

(II) Ang halaga ng dapat iulat bilang kita sa mga linya ng 4, 6 at 7 ng Porma 1065 ng Internal Revenue Service;

(III) Ang halaga na dapat iulat bilang kita sa mga linya 3a at 5 hanggang 11, magkakasama, sa Porma ng 1065 ng Internal Revenue Service, Iskedyul K;

(IV) Ang halaga ng dapat iulat bilang kita sa linya 17 ng Porma 8825 ng Internal Revenue Service; at

(V) Ang halaga ng dapat iulat bilang kita sa linya 11, kasama ang halaga ng iuulat sa linya 2 o linya 45, ng Porma 1040 ng Internal Revenue Service, Iskedyul F; at

(2) Bawasin:

(I) Ang halaga ng anumang hindi bayad na pautang na inilagay na gastos para sa mga

layunin ng pederal na pagbubuwis sa kita na tumutugon sa mga tala ng kita na kasama sa pang-ilalim na talata (1) para sa kasalukuyang panahon ng pag-uulat o isang nakaraang panahon ng pag-uulat;

(II) Sa sukdulang kasama sa pang-ilalim na talata (1), ang anumang mga banyagang darating na kikitain at banyagang mga dibidendo;

(III) Sa sukdulang kasama sa pang-ilalim na talata (1), ang anumang tubo'ng maibabahagi'ng kita mula sa isang sangay ng negosyo na itinuturing bilang isang sosyohan o bilang isang S korporasyon para sa mga layunin pederal na pagbubuwis sa kita;

(IV) Sa sukdulang kasama sa pang-ilalim na talata (1), ang anumang mga tala ng kita na masasabi'ng isang sangay na isang nang binale-wala'ng sangay para sa mga layunin ng pederal na pagbubuwis sa kita; at

(V) Sa sukdulang kasama sa pang-ilalim na talata (1), ang anumang iba pang mga halaga na pinahintulutan ng seksyon na ito; o

(c) Para sa anumang sangay ng negosyo maliban sa isang sangay ng negosyo na itinuring para sa mga layunin ng pederal na pagbubuwis sa kita bilang isang korporasyon o sosyohan, ang isang halaga na natukoy na malaki ang pagkakatumbas sa halaga na tinukoy sa ilalim ng talataan (a) o (b), tulad ng iniatas sa mga regulasyon na inangkin ng Kagawaran.

2. Sumasailalim ng mga probisyon ng seksyon 27 ng batas na ito, ang isang sangay sa negosyo na bahagi ng isang pederal na pinagsama-sama'ng grupo ay kakalkulahin ang kabuua'ng kinita nito sa ilalim ng subseksiyon 1 na para bang ito ay nagpasok ng isang hiwalay na pagbabayad para sa mga layunin ng pederal na pagbubuwis sa kita.

3. Ang isang sangay ng negosyo na nagmamay-ari ng isang puhunan sa isang tahimik na sangay ay maaaring ibukod mula sa kabuua'ng kita ng sangay ng negosyo, ang bahagi ng sangay ng negosyo sa tubo'ng kinita ng tahimik na sangay, ngunit sa lawak lamang na ang tubo'ng kinita ng tahimik na sangay ay nilikha sa pamamagitan ng mga kinita ng anumang iba pang sangay ng negosyo.

4. Maliban kung iba ang ibinigay sa subseksiyon 5, sa lawak na kasama sa ilalim ng pang-ilalim na talata (1) ng talataan (a) ng subseksyon 1, pang-ilalim na talata (1) ng talataan (b) ng subseksyon 1 o talata (c) ng subseksyon 1:

(a) Ang isang sangay ng negosyo ay maaaring ibukod mula sa kabuua'ng kinita nito:

(1) Ang halaga ng anumang pinadaa'ng-kinita sa sangay ng negosyo; at

(2) Ang halaga ng batayan ng buwis, tulad ng tinukoy sa ilalim ng Kowd ng Internal Revenue at anumang mga regulasyon na inangkin alinsunod doon, ng anumang mga mahalagang papel at mga pautang na naibenta; at

(b) Ang isang sangay ng negosyo na isang institusyon na nagpapautang ay maaaring ibukod mula sa kabuua'ng kinita nito ang halaga ng anumang mga nasingil mula sa pangunahi'ng ibinayad sa mga pautang.

5. Kung ang isang sangay sa negosyo ay bahagi ng isang kaanib na pangkat, ang sangay na negosyo ay hindi maaaring ibukod mula sa kabuua'ng kinita nito ang anuman sa mga halaga ng inilarawan sa subseksyon 4 na ibinayad sa mga sangay na mga kasapi ng kaanib na pangkat.

6 Sa lawak na kasama sa ilalim ng pang-ilalim na talata (1) ng talataan (a) ng subseksyon 1, pang-ilalim na talata (1) ng talataan (b) ng subseksyon 1 o talata (c) ng subseksyon 1:

(a) Ang isang sangay ng negosyo ay maaaring ibukod mula sa kabuua'ng kinita nito ang halaga ng anumang kinita na masasabi'ng dibidendo at puhunan sa anumang pautang o mga mahalagang papel ng Gobyerno Pederal, ng Estado ng Nevada o isang pang-ilalim na dibisyon pampulitika ng Estado.

(b) Ang isang sangay ng negosyo na kinakailangan upang magbayad ng bayad sa lisensiya alinsunod sa NRS 463.370 maaaring ibukod mula sa kabuua'ng kita ang halaga ng kabuua'ng kinita nito na ginamit upang matukoy ang halaga ng bayad na iyon.

7. Anumang halaga na ibinukod sa ilalim ng seksyo'ng ito mula sa kabuua'ng kinita ng isang sangay ng negosyo ay hindi dapat na kasama sa pagkilala ng halaga ng mga kalakal na ibinebenta sa ilalim ng seksyon 25 ng batas na ito o sa pagpapasiya ng halaga ng kabayaran sa ilalim ng seksyon 26 ng batas ito.

8. Para sa mga layunin ng seksyo'ng ito, ang anumang mga pagtukoy sa.:

(a) Isang porma ng Internal Revenue Service ay kasama ang anumang iba'ng porma at anumang mga kasunod na porma na may ibang numero o pagtatalaga na sa kalahatan ay nagbibigay ng kapareho'ng impormasyon tulad ng orihinal na porma.

(b) Ang isang halaga'ng dapat iulat bilang kita sa isang linya ng isang porma ng Internal Revenue Service ay nangangahulugan sa lawak na ang halaga'ng ipinasok ay sumusunod sa batas ng pagbubuwis sa kinita at kasama na ang kaukula'ng halaga na ipinasok sa isang iba'ng porma o kasunod na porma na may ibang numero ng linya sa lawak na ang halaga'ng ipinasok ay sumusunod sa batas ng pagbubuwis ng kita sa batas pederal:.

Sec. 25. *1. Batay sa mga probisyon ng seksyon 27 ng batas na ito, ang isang sangay ng negosyo na pinili'ng ibawas ang gastos ng mga kalakal na ibinenta para sa layunin na kuwentahin ang buwis na tinubo nito sa ilalim ng seksyon 23 sa batas na ito ay dapat tukuyin ang halaga ng gastos na iyon tulad ng ibinigay sa seksyon na ito.*

2. Maliban kung iba ang ibinigay sa seksyon na ito, ang gastos ng mga kalakal na ibinenta ay kabilang ang:

(a) Lahat ng mga direktang gastos ng pagkuha o paggawa ng mga kalakal, kabilang ang:

(1) Mga gastos sa trabaho;

(2) Ang halaga ng mga materyales na mahalagang bahagi ng tukoy na ari-aria'ng ginawa;

(3) Ang halaga ng mga materyales na ginamit sa ordinaryo'ng daan ng pagsasagawa ng produksyon ng gawain;

(4) Mga gastos sa pangangasiwa, kabilang ang mga gastos ng nasasabi'ng pag-proproseso, pagbubuo, pagrerepake at paghahatid sa sangay ng negosyo;

(5) Mga gastos sa pag-iimbak, kabilang ang mga gastos ng pagsasagawa, pag-iimbak o pagbobodega ng ari-arian;

(6) Pagbaba ng halaga, pagka-ubos at pagbabayad ng utang sa pamamagitan ng mga hulog, tulad ng iniulat sa pederal na pagbabayad ng buwis kung saan ibinatay ang pagbabayad sa ilalim ng kapitulo'ng ito, sa lawak na nauugnay sa at kailangan para sa produksyon ng mga kalakal;

(7) Ang halaga ng renta o kagamitan sa pag-upa, kagamitan o lupa'ng ari-arian na kung saan ay direktang ginamit para sa produksyon ng mga kalakal;

(8) Ang gastos ng pagkumpuni at pagpapanatili ng kagamitan, mga pasilidad o lupa'ng ari-arian kung saan ay direktang ginamit para sa produksyon ng mga kalakal;

(9) Ang mga gastos na nasasabi sa anumang pananaliksik, pang-eksperimento, pang-inhenyero o gawain pang- disenyo na direktang may kinalaman sa produksyon ng mga kalakal;

(10) Mga buwis na ibinayad may kaugnayan sa pagkuha o paggawa ng anumang materyal, at mga buwis na ibinayad may kaugnayan sa mga serbisyo na isang direktang gastos ng produksyon; at

(11) Ang gastos ng paggawa o pagkuha ng anumang ibinebenta'ng kuryente; at

(b) Ang mga sumusunod na gastos na may kaugnayan sa mga kalakal ng sangay ng negosyo:

(1) Pagkasira ng mga kalakal

(2) Pagtanda ng mga kalakal;

(3) Pagkabulok at pag-papabaya ng mga kalakal, kabilang na ang mga gastos sa muling paggawa, pagbabago'ng-tatag at pagpipira-piraso;

(4) Kung ang ari-arian ay itinago para sa darating na produksyon, ang mga direktang gastos ng muling produksyon na ilalaan sa ari-arian;

(5) Ang mga direktang gastos ng matapos ang production na ilalaan sa ari-arian;

(6) Ang mga gastos ng seguro sa anumang planta, pasilidad, makinarya, kagamitan o mga materyales na direkta'ng ginamit sa produksyon ng mga kalakal;

(7) Ang gastos sa seguro sa nagawa'ng kalakal;

(8) Ang halaga ng mga utiliti, kabilang ang anumang koryente, gaas at tubig, direktang ginamit sa produksyon ng mga kalakal;

(9) Ang mga gastos sa pamamahala ng kalidad, kabilang ang anumang pagpapalit sa mga sira'ng bahagi alinsunod sa karaniwa'ng patakaran ng garantiya, inspeksyon na direkta'ng mailalaan sa produksyon ng mga kalakal, at pag-aayos at pagpapanatili ng mga kalakal; at

(10) Paglilisensiya at mga gastos sa prangkisa, kabilang ang anumang mga bayad na nagastos sa pagkuha ng karapatan ayon sa kontrata upang gumamit ng tatak pang-kalakal, plano ng samahan, pamamaraan ng pagmamanupaktura, espesyal na resipe o iba pang mga katulad na karapatan na direktang nauugnay sa mga kalakal na nagawa.

3. Ang halaga ng mga kalakal na ibinenta ay hindi kasama ang sumusunod na mga gastos na may kaugnayan sa mga kalakal ng sangay ng negosyo:

(a) Ang halaga ng renta o upa ng anumang mga kagamitan, mga pasilidad o lupa'ng ari-arian na hindi ginagamit para sa produksyon ng mga kalakal;

(b) Mga gastos sa pagbebenta ng, kabilang ang mga gastos ng empleyado may kaugnayan sa mga benta;

(c) Mga gastos sa pamamahagi;

(d) Mga gastos sa pag-aanunsiyo at pagtitinda;

(e) Gastos para sa nakatigil na kagamitan;

(f) Mga gastos sa muling pag-aasikaso

(g) Gastos sa tawaran na natamo sa panghihingi ng mga kontrata, kung o hindi man ang mga kontrata ay iginawad huli sa sangay ng negosyo;

(h) Interes, kabilang na ang interes sa utang na natamo o patuloy sa panahon ng produksyon ng mga kalakal upang tustusan ang produksyon;

(i) Anumang mga buwis na itinasa sa mga sangay ng negosyo batay sa kita;

(j) Mga gastos sa welga o kinandaduhan sa labas, maliban ang mga sahod ng mga empleyado inupuhan upang palitan ang nagwewelgang'ng mga tauhan;

(k) Kabayaran sa direktor, opisyal at mga tagapayo;

(l) Dibidendo sa mga kasosyo o distribusyon sa mga kasapi o mga kasosyo na mga kasangay ng negosyo;

(m) Bayad sa Propesyonal at mga gastos ng paglilitis;

(n) Multa, mga pinsala o pagbabayad-pinsala na ibinayad alinsunod sa mga hatol, pinahintuluta'ng atas o pakikipag-ayos sa legal na aksiyon kabilang ang arbitrasyon; at

(o) Anuman sa mga halaga na inilarawan sa subseksyon 2 na ibinayad sa mga sangay na mga kasapi ng isang kaanib na pangkat kung saan ang sangay ng negosyo ay isang bahagi.

4. Para sa mga layunin ng seksyo'ng ito at seksyon 23 ng batas na ito, at napapailalim sa mga probisyon ng seksyon 27 ng batas na ito, ang isang sangay sa negosyo:

(a) Ay maaaring magsagawa ng pagbabawas na may kaugnayan sa halaga ng mga kalakal na ibinenta lamang kung ang sangay na iyon ang nagmamay-ari ng mga kalakal.

b) Dapat tukuyin mismo ang halaga ng mga kalakal na ibinenta alinsunod sa mga pamamaraan na ginamit sa pederal na pagbabayad ng buwis kung saan ang pagbabayad ay ibinatay sa ilalim ng kapitulo'ng ito. Ang talata'ng ito ay hindi maaapektuhan ang uri o kategorya ng halaga ng mga kalakal na naibenta na maaaring ibawas alinsunod sa seksyon na ito upang makalkula ang maaaring buwis sa tinubo ng isang sangay sa negosyo.

5. Tulad ng gamit sa seksyon na ito:

(a) "Kalakal" ay nangangahuluga'ng mga tunay na ari-arian o nasasalat na ari-arian na ibinenta sa ordinaryo'ng daan ng negosyo ng isang sangay ng negosyo.

(b) "Produksyon" kasama ang pagbuo, pag-kakabit, paggawa, pag-unlad, pagkuha, pagpapabuti, paglikha, pagtaas o paglago.

Sec. 26. 1. Maliban kung iba ang ibinigay sa seksyo'ng ito at napapailalim sa mga probisyon ng seksyon 27 ng batas na ito, ang isang sangay ng negosyo na pinili'ng ibawas ang halaga ng kabayaran para sa layuni'ng kuwentahin ang buwis sa tinubo nito sa ilalim ng seksyon 23 ng batas na ito ay maaaring ibawas ang isang halaga na katumbas ng:

(a) Lahat ng mga sahod, suweldo at bonus na ibinayad ng sangay ng negosyo sa mga opisyal, direktor, mga may-ari, kasosyo at mga empleyado'ng natural na mga tao; at

(b) Ang gastos ng lahat ng mga benepisyo, sa lawak na maibabawas para sa mga layunin ng pederal na pagbubuwis ng kita, ang sangay ng negosyo ay nagbibigay sa mga opisyal, direktor, mga may-ari, kasosyo at mga empleyado, kabilang ang pagreretiro, pangangalaga sa kalusugan, kontribusyon ng mga pinagtatrabahuhan na ginawa sa kuwenta ng kalusugan at ipon at benepisyo sa workers' compensation ng mga empleyado.

2. Sa kabila nang mga aktwal na halaga ng mga sahod, suweldo at bonus na binabayaran ng isang sangay ng negosyo sa mga opisyal, direktor, mga may-ari, kasosyo at mga empleyado nito, ang isang sangay ng negosyo ay hindi maaaring isama sa halaga ng sahod, suweldo at bonus ang ibinabawas ng sangay ng negosyo alinsunod sa talata (a) ng subseksiyon 1, na may kaugnayan sa bawa't indibidwal na tao, ang higit sa $300,000 sa bawa't taon ng pagbubuwis kung saan ibinatay ang kinita. Kung ang isang tao ay binayaran ng mahigit sa isang sangay ng isang pinagsamang grupo, ang pinagsamang grupo ay hindi maaaring ibawas alinsunod sa talata (a) ng subseksiyon 1, na may kaugnayan sa taong iyon, ang kabuuan ng higit sa $300,000 bawa't taon ng pagbubuwis kung saan ibinatay ang kinita.

3. Tulad ng gamit sa seksyon na ito:

(a) Maliban kung iba ang ibinigay sa talata (b), "sahod, suweldo at bonus" ay nangangahuluga'ng ang halaga na inilagay sa kahon ng sahod Medicare at mga tip sa Porma W-2 ng Internal Revenue Service o anumang kasunod na porma na may ibang numero o pagtatalaga na kalahatan ay nagbibigay ng parehong impormasyon.

b) "Sahod, suweldo at bonus " kabilang, sa lawak na hindi kasama sa halaga ng inilarawan sa talata (a), ang halaga ng anumang mga:

(1) Tubo'ng ipinagbabaha-bahagi'ng kita mula sa isang sangay ng negosyo'ng itinuturing bilang isang sosyohan para sa mga layunin ng pederal na pagbubuwis sa kita, ngunit kung ang taong tumatanggap ng pamamahagi ay isang natural na tao lamang;

(2) Tubo na ipinagbabaha-bahagi ng mga kita mula sa mga limitado'ng-saguti'ng kompanya at mga korporasyon na itinuturing na isang S korporasyon para sa mga layunin ng pederal na pagbubuwis sa kita, ngunit kung ang taong tumatanggap ng pamamahagi ay isang natural na tao lamang; at

(3) Tubo na ipinagbabaha-bahagi na kita mula sa mga limitado'ng-saguti'ng kompanya na itinuturing bilang isang nag-iisa'ng pagmamay-ari para sa mga layunin ng pederal na pagbubuwis sa kita, ngunit kung ang taong tumatanggap ng pamamahagi ay isang natural na tao lamang.

Sec. 27. *1. Ang sangay ng negosyo na bahagi ng kaanib na grupo na nakikibahagi sa sama-sama'ng negosyo ay dapat magpasok, sa halip na mga indibidwal na pagbabayad, ng isang pinagsamang grupo'ng pagbabayad batay sa negosyo ang pinagsamang grupo. Ang pinagsamang grupo:*

(a) Hindi dapat isama ang isang sangay ng negosyo na nagsasagawa ng negosyo sa labas ng Estados Unidos kung, tulad ng tinukoy alinsunod sa mga regulasyon na inangkin ng Kagawaran:

(1) Walumpo'ng porsiyento o higit pa sa mga ari-arian at pasuweldo ng sangay ng negosyo ay nakalaan sa mga lokasyon sa labas ng Estados Unidos; o

(2) Ang sangay na iyon ng negosyo ay walang mga ari-arian o pasuweldo at 80 porsiyento o higit pa ng kabuua'ng kita ng sangay ng negosyo ay nakalaan sa mga lokasyon sa labas ng Estados Unidos.

(b) Bumubuo ng isang solong sangay ng negosyo para sa mga layunin ng paglalapat ng ipinataw na buwis sa pamamagitan ng kapitulo'ng ito.

2. Para sa mga layunin ng seksyon 23 ng batas na ito, ang isang pinagsamang grupo ay tiyak na tutukoy sa kabuua'ng kita nito sa pamamagitan ng:

(a) Pagtukoy sa kabuua'ng kita ng bawa't isa sa mga miyembro nito tulad ng ibinigay sa seksyon 24 ng batas na ito na para bang ang kasapi ay isang indibidwal na sangay ng negosyo;

(b) Pagdaragdag ng kabuua'ng natukoy na kinita ng lahat ng mga miyembro sa ilalim ng talata (a); at

(c) Ibawas mula sa halagang natukoy sa ilalim ng talata (b), sa lawak na kasama sa ilalim ng pang-ilalim na talata (1) ng talataan (a) ng subseksyon 1 ng seksyon 24 ng batas na ito, pang-ilalim na talata (1) ng talataan (b) ng subseksyon 1 ng seksyon 24 ng batas na ito o talata (c) ng subseksyon 1 ng seksyon 24 ng batas na ito, ang anumang mga tala ng kabuua'ng kinita na natanggap mula sa isang miyembro ng pinagsamang group.

3. Para sa mga layunin ng seksyon 23 ng batas na ito, ang isang pinagsamang grupo ay gagawa ng isang eleksyon upang ibawas ang alinman sa gastos ng mga kalakal na ibinenta o ang halaga ng kabayaran na nalalapat sa lahat ng mga miyembro nito. Hindi alintana ang eleksyon, ang bubuwisang tinubo ng pinagsamang grupo ay hindi maaaring lumagpas sa 70 porsiyento ng kabuua'ng kita ng pinagsamang grupo mula sa buong negosyo.

4. Ang isang miyembro ng isang pinagsamang grupo ay maaaring angkinin bilang halaga ng mga kalakal na ibinenta ang mga gastos na karapat-dapat sa ilalim ng seksyon 25 ng batas na ito kung ang mga

kalakal kung saan natamo ang gastos ay pagmamay-ari ng ibang miyembro ng pinagsamang grupo.

5. Para sa mga layunin ng seksyon 23 ng batas na ito, ang isang pinagsamang grupo na pinili upang ibawas:

(a) Ang halaga ng mga kalakal na ibinenta ay dapat tukuyin ang halaga sa pamamagitan ng:

(1) Tukuyin ang gastos ng mga kalakal na ibinenta para sa bawa't isa sa mga miyembro nito tulad ng ibinigay sa seksyon 25 ng batas na ito na para bang ang kasapi ay isang indibidwal na sangay ng negosyo;

2) Pagsama-samahin ang lahat ng mga halaga ng mga gastos ng kalakal na ibinenta na natukoy sa ilalim ng pang-ilalim na talata (1); at

(3) Bawasin mula sa halaga'ng natukoy sa ilalim ng pang-ilalim na talata (2) ang anumang halaga ng gastos ng mga kalakal na naibenta na ibinayad mula sa isang miyembro ng pinagsamang grupo sa isa pang miyembro ng pinagsamang grupo, ngunit sa lawak lamang na ang katumbas na tala ng kabuua'ng kinita ay ibinawas sa ilalim ng talata (c) ng subseksyon 2.

(b) Ang halaga ng kabayaran ay dapat matukoy ang halaga na sa pamamagitan ng:

(1) Tukuyin ang halaga ng kabayaran para sa bawa't isa sa mga miyembro nito tulad ng ibinigay sa seksyon 26 ng batas na ito na para ang kasapi ay isang indibidwal na sangay ng negosyo, sumasailalim sa mga limitasyon na itinakda sa subseksyon 2 ng seksyon 26 ng batas na na ito;

(2) Pagsama-samahin ang lahat ng mga halaga ng kabayaran na natukoy sa ilalim ng pang-ilalim na talata (1); at

(3) Bawasin mula sa halaga'ng natukoy sa ilalim ng pang-ilalim na talata (2) ang anumang halaga ng kabayara'ng ibinayad mula sa isang miyembro ng pinagsamang grupo sa isa pang miyembro ng pinagsamang grupo, ngunit sa lawak lamang na ang katumbas na tala ng kabuua'ng kita ay ibinawas sa ilalim ng talata (c) ng subseksyon 2.

6. Ang bawa't sangay ng negosyo na bahagi ng pagbabayad ng isang pinagsamang grupo ay dapat, para sa mga layunin na tukuyin ang kinita at paghahati-hati, isama ang mga aktibidad nito para sa parehong panahon tulad ng ginamit ng pinagsamang groupo.

7. Ang bawa't miyembro ng isang pinagsamang grupo ay sama-sama at hiwa-hiwalay na may pananagutan para sa pagbubuwis ng pinagsamang grupo.

Sec. 28. *1. Ang kinita ng isang sangay sa negosyo ay dapat na ipagbaha-bahagi sa Estado upang tukuyin ang halaga ng buwis na ipapataw sa pamamagitan ng seksyon 22 ng batas ito sa pamamagitan ng pag-paparami ng kinita sa pamamagitan ng isang maliit na bahagi, ang taga-bilang ay ang kabuua'ng kita ng sangay ng negosyo mula sa negosyo na isinagawa sa Estado'ng ito, tulad ng tinukoy sa ilalim ng seksyon 29 ng batas na ito, at ang denominador ay ang kabuua'ng kita sa sangay ng negosyo mula sa buong negosyo, tulad ng tinukoy sa ilalim ng seksyon 30 ng batas na ito.*

2. Para sa layunin ng paghahati-hati ng kinita:

(a) Ang ibinukod na kita mula sa kabuua'ng kita ng isang sangay sa negosyo sa ilalim ng seksyon 24 ng batas na ito ay hindi dapat isama sa alinman sa kabuua'ng kita sa sangay ng negosyo mula sa negosyo'ng isinagawa sa Estado'ng ito tulad ng tinukoy sa ilalim ng seksyon 29 ng batas na ito o ang kabuua'ng kita ng sangay ng negosyo mula sa buong negosyo nito tulad ng tinukoy sa ilalim ng seksyon 30 ng batas ito.

(b) Ang kita'ng nakuha mula sa mga transaksyon sa pagitan ng mga indibidwal na kasapi ng isang pinagsamang grupo na ibinukod sa ilalim ng talata (c) ng subseksyon 2 ng seksyon 27 ng batas na ito ay hindi dapat kasama sa:

(1) Ang kabuua'ng kita ng sangay ng negosyo mula sa negosyo na isinagawa sa Estado'ng ito tulad ng tinukoy sa ilalim ng seksyon 29 ng batas na ito, maliban sa kita sa banda'ng huli ay nakuha mula sa pagbebenta ng nasasalat na personal na ari-arian sa pagitan ng mga indibidwal na kasapi ng isang pinagsamang grupo kung saan ang isang miyembro ng partido sa transaksyon ay walang koneksyon sa Estado'ng ito ay dapat isama sa kabuua'ng kita ng sangay ng negosyo mula sa negosyo'ng ito na isinagawa sa Estado'ng ito tulad ng tinukoy sa ilalim ng seksyon 29 ng batas ito sa lawak na ang miyembro ng pinagsamang grupo na walang koneksyon sa Estado'ng ito ay muling ipinagbili ang nasasalat na personal na ari-arian nang walang makabuluha'ng binago sa isang mamimili sa Estado'ng ito. Para sa mga layunin ng subseksyon na ito, ang "kita sa huli ay nakuha mula sa pagbebenta ng nasasalat na personal na ari-arian" ay nangangahuluga'ng ang halaga na ibinayad para sa mga nasasalat na personal na ari-arian sa pamamagitan ng mga pangatlo'ng-partido'ng mamimili.

(2) Ang kabuua'ng kita ng sangay ng negosyo mula sa kabuuan ng negosyo nito tulad ng tinukoy sa ilalim ng seksyon 30 ng batas na ito.

(c) Kahiman ang anumang probisyon ng talata (a) o (b) ay kasalungat, kung ang isang pautang o seguridad ay itinuturing na imbentaryo ng mga nagbebenta para sa mga layunin ng pederal na pagbubuwis sa kita, ang kabuua'ng nalikom ng pagbebenta ng pautang o seguridad na iyon ay itinuturing na kabuua'ng kita.

Sec. 29. *1. Batay sa mga ibinigay ng seksyon 28 ng batas na ito, sa pagbababaha-bahagi ng kinita, ang kabuua'ng kita ng isang sangay sa negosyo mula sa negosyo na ito na ginanap sa Estado'ng ito ay ang suma ng kabuua'ng kita ng sangay ng negosyo mula sa:*

(a) Bawa't pagbebenta ng nasasalat na personal na ari-arian na kung saan ay naihatid o ipinadala sa isang mamimili sa Estado'ng ito, hindi alintana ang tinukoy na mga tuntunin at probisyon ng bentahan;

(b) Ang bawa't serbisyo'ng ginanap sa Estado'ng ito;

(c) Ang bawa't upa ng ari-arian na matatagpuan sa Estado'ng ito;

(d) Ang paggamit ng patente, karapatang magpalathala, tatak pang-kalakal, prangkisa o lisensya sa Estado'ng ito;

(e) Ang bawa't pagbebenta ng lupa'ng ari-arian na matatagpuan sa Estado'ng ito, kabilang ang mga

darating na kita mula sa langis, gaas o iba pang mga mineral na mga interes; at.

(f) Ang anumang iba pang negosyo na isinagawa sa Estado'ng ito.

2. Para sa mga layunin ng talata (b) ng subseksyon 1, ang kabuua'ng kita na nakuha mula sa pagbibigay ng mga pautang na sinigurado ng lupa'ng ari-arian ay ituturing na isinagawa sa Estado'ng ito kung ang tunay na ari-arian ay matatagpuan sa Estado.

3. Ang isang pinagsamang grupo ay ibibilang sa kabuua'ng kita nito na kinalkula sa ilalim ng subseksyon 1 ang kabuua'ng kita ng bawa't sangay sa negosyo ng isang miyembro ng pinagsamang grupo na may isang koneksyon sa Estado'ng ito para sa layunin ng pagbubuwis.

Sec. 30. ***1. Sumasailalim sa mga ibinigay ng seksyon 28 ng batas na ito, sa pagbabaha-bahagi ng kinita, ang kabuua'ng kita ng isang sangay sa negosyo mula sa buong negosyo nito ay ang suma ng kabuua'ng kita ng sangay ng negosyo mula sa:***

(a) Bawa't pagbebenta ng nasasalat na personal na ari-arian ng sangay ng negosyo;

(b) Ang bawa't serbisyo, upa o darating na kita; at

(c) Anuma'ng iba pang negosyo.

2. Kung ang isang sangay sa negosyo ay magbebenta ng isang puhunan o malaki'ng propyedad, ang kabuua'ng kita ng sangay sa negosyo mula sa buong negosyo para sa pagbubuwis ng tinubo ay kasama lamang ang neto'ng nakuha mula sa pagbebenta.

3. Ang isang pinagsamang grupo ay ibibilang sa kabuua'ng kita nito na nakalkula sa ilalim ng subseksyon 1 ang kabuua'ng kita ng bawa't sangay ng negosyo na isang miyembro ng pinagsamang grupo, nang walang pagtatangi kung ang sangay na iyon ay may koneksyon sa Estado'ng ito para sa layunin ng pagbubuwis.

Sec. 31. ***1. Ang isang sangay ng negosyo ay dapat gamitin ang parehong pamamaraan ng pagbibigay-sulit sa pagbabaha-bahagi ng pataan tulad ng ginagamit sa pagkalkula ng tinubo.***

2. Hindi maaaring baguhin ng isang sangay sa negosyo ang pamamaraan ng pagbibigay-sulit nito na ginamit upang makalkula ang kabuua'ng kita nito ng mas madalas kaysa sa isang beses tuwing 4 na taon ng walang inihayag na pahintulot ang Kagawaran. Ang isang pagbabago sa pamamaraan ng pagbibigay-sulit ay hindi nabigyan-ng-katarungan dahil ang pagbabago ay nagresulta sa pagkabawas ng sagutin sa buwis.

Sec. 32. ***1. Ang buwis na ipinataw sa pamamagitan ng kapitulo'ng ito para sa bawa't taon na dapat ipagbayad ng buwis ay dapat bayaran sa huling araw ng buwan sa kalendaryo ng susunod na bubuwisa'ng taon.***

2. Maliban kung iba ang ibinigay sa kapitulo'ng ito, ang bawa't sangay ng negosyo na nagsasagawa ng isang negosyo sa Estado'ng ito sa panahon ng isang dapat ipagbayad ng buwis na taon na hindi saklaw ng buwis na ipinataw sa pamamagitan ng kapitulo'ng ito para sa bubuwisa'ng taon na iyon ay dapat mag-pasok sa Kagawaran ng isang pagbabayad sa isang porma na iniatas ng Kagawaran, kasama ang pagpapadala ng anumang angkop sa buwis na kailanga'ng bayaran ayon sa kapitulo'ng ito para sa bubuwisa'ng taon, ay hindi lalampas sa 30 araw matapos ang petsa na ang sangay ng negosyo ay kinailanga'ng iharap ang pederal na pagbabayad ng buwis sa kita para sa bubuwisa'ng taon sa Internal Revenue Service. Ang pagbabayad na kinakailangan ng subseksyon na ito ay dapat ipinatupad sa ilalim ng pagmumulta kung magsisinungaling at isama ang numero ng mapagkikilanlan sa pagbabayad ng buwis o numero ng social security ng sangay sa negosyo, kung naaangkop, at tulad ng iba pang impormasyon tulad ng hinihingi ng Kagawaran.

Sec. 33. ***Sa sandali'ng gumawa ng aplikasyon bago sa petsa na kung saan ang isang sangay ng negosyo kung hindi man ay kinakailanga'ng mag-pasok ng pagbabayad at bayaran ang buwis na ipinataw sa pamamagitan ng kapitulo'ng ito, ang Kagawaran ay maaaring.:***

1. Kung ang sangay sa negosyo ay nabigyan ng isang palugit ng oras ng Pamahalaan Pederal para sa pagpapasok nito ng pederal na pagbabayad ng buwis sa tinubo, na pinalugitan ang oras para sa pagpapasok ng bayad na kinakailangan ng kapitulo'ng ito hanggang hindi lalampas sa 30 araw pagkatapos ng petsa na ang sangay ng negosyo ay hinihingi upang ipasok nito ang pederal na pagbabayad ng buwis alinsunod na palugit ng oras na ibinigay ng Pamahalaan'g Federal. Ang Kagawaran ay maaaring hingin, bilang probisyon sa pagbibigay ng anumang palugit alinsunod sa subseksiyon na ito, ang pagbabayad ng tinantyang buwis na kailanga'ng bayaran alinsunod sa kapitulo'ng ito.

2. Para sa magandang dahilan ay palugitan ng 30 araw kung kailan ang sangay ng negosyo ay hiningi'ng bayaran ang buwis. Kung ang buwis ay binayaran sa panahon ng palugit na ipinagkaloob alinsunod sa subseksyon na ito, walang multa o huli'ng paniningil ang maaaring ipataw para sa hindi pagbabayad sa panahon na kinakailangan, ngunit ang sangay ng negosyo ay dapat magbayad ng interes sa halaga'ng 1 porsiyento bawa't buwan mula sa petsa kung saan ang halaga ay dapat bayaran nang walang palugit hanggang sa petsa ng pagbabayad, maliban kung hindi man ay ibinigay sa NRS 360.232 o 360.320.

Sec. 34. ***1. Kung ang bubuwisa'ng tinubo ng isang sangay ng negosyo ay magkaroon ng pagbabago bilang isang resulta ng:***

(a) Ang pagpapasok ng sangay ng negosyo ng isang binagong pederal na pagbabayad ng buwis sa kita o iba pang pagbabayad, ang sangay ng negosyo ay dapat, sa loob ng 30 araw matapos na pag-papasok, ay maghain ng isang inamyendaha'ng pagbabayad sa Kagawaran.

(b) Ang isang pagtutuos-ng-kuwenta o iba pang mga pag-aayos ng Internal Revenue Service o isa'ng maaasahang awtoridad, ang sangay ng negosyo ay dapat, sa loob ng 30 araw matapos ang pagtutuos-ng-kuwenta o iba pang mga pag-aayos ay maging pinal, magpasok ng isang inamyenda'ng pagbabayad sa Kagawaran.

2. Kung, batay sa isang binago'ng inihai'ng babayaran alinsunod sa seksyo'ng ito, lumalabas na ang buwis na ipinataw sa pamamagitan ng kapitulo'ng ito ay hindi pa ganap na natasa, ang Kagawaran ay dapat tasahin ang kakulangan, may interes na kinalkula ang singil at sa paraang itinakda sa NRS 360.417. Anumang mga pagtasa na hinihingi ng subseksyon na ito ay dapat na magawa sa loob ng 3 taon matapos matanggap ng Kagawaran ang inamyendaha'ng pagbabayaran.

Sec. 35. Kung ang Kagawaran ay matukoy na ang anumang mga buwis, multa o interes ay nabayaran na ng mahigit sa isang beses o ay hindi wasto ang pagkakolekta o kalkula, ang Kagawaran ay dapat na ipagbibigay-alam ang katotohana'na iyon sa mga talaan ng Kagawaran at patunayan sa Lupon ng Tagasuri ng Estado ang halaga na nakolekta ng labis sa halaga'ng legal na dapat bayaran at kung kangino ito kinolekta o kung para kangino ito ay binayaran. Kung inaprubahan ng Lupon ng Tagasuri ng Estado, ang labis na halaga na nakolekta o bayad ay dapat, matapos na i-kredito laban sa anumang halaga na kailanga'ng bayaran mula sa tao alinsunod sa NRS 360.236, ay kailanga'ng ibalik-bayad sa tao o sa kanyang mga tagapagmana.

Sec. 36. *Maliban kung iba ang ibinigay sa NRS 360.235 at 360.395:*

(a) Walang balik-bayad ang maaaring payagan maliban kung ang isang paghahabol para dito ay ipinasok sa Kagawaran sa loob ng 3 taon matapos ang huling araw ng buwan sa kalendaryo ng susunod na bubuwisa'ng taon kung saan ang sobra'ng pagbabayad na ginawa.

(b) Walang kredito ang maaaring payagan pagkatapos na magwakas ang panahon'ng tinukoy na panahon para sa pagpapasok ng habol para ibalik ang bayad maliban kung ang isang paghahabol para sa kredito ay ipinasok sa Kagawaran sa loob ng panahon na iyon.

2. Ang bawat paghahabol ay dapat na nakasulat at dapat na ihayag ang tiyak na dahilan kung saan ang paghahabol ay itinatag.

3. Ang hindi pagpapasok ng habol sa loob ng oras na iniatas sa kapitulo'ng ito ay nangangahulugan ng isang pagpapaubaya ng anumang pagmamando laban sa Estado sa dahilan ng sobra'ng bayad.

4. Sa loob ng 30 araw pagkatapos na tanggihan ang anumang paghahabol sa kabuuan o sa bahagi, ang Kagawaran ay dapat magbigay ng abiso ng aksyon nito sa naghahabol sa paraang iniatas para sa pagsisilbi ng abiso ng kakulangan ng pagpapasiya.

Sec. 37. *1. Walang utos ang hukuman sa pagpapatupad, sulat ng kautusan o iba pang mga prosesong legal o patas ang maaaring ipalabas sa anumang paghahabla, aksyon o paglilitis sa anuman hukuman laban sa Estado o laban sa anumang opisyal ng Estado upang mapigilan o iutos ang koleksyon sa ilalim ng kapitulo'ng ito ng buwis na ipinataw ng kapitulo'ng ito o anumang halaga ng buwis, multa o interes na kinakailanga'ng makolekta.*

2. Walang pagsasakdal o paglilitis ang maaaring panatilihin ng anumang hukuman para sa pagbawi ng anumang halaga na pinaghihinalaang hindi wasto ang pagtukoy o nakolekta maliban kung isang habol na ipinasok para sa balik-bayad o kredito.

Sec. 38. *1. Sa loob ng 90 araw pagkatapos ng isang pang-wakas na pasya sa isang habol na ipinasok alinsunod sa kapitulo'ng ito ay ibinigay ng Komisyon, ang naghahabol ay maaaring magdala ng isang aksyon laban sa Kagawaran sa mga batayan na itinakda sa paghahabol sa isang hukuman na may tama'ng pagsakop sa Lungsod ng Carson, sa probinsiya ng Estado'ng ito kung saan namamalagi ang naghahabol o nananatili ng kanyang pangunahi'ng lugar ng negosyo o isang probinsiya kung saan ang anumang may-katutura'ng paglilitis ay isinagawa ng Kagawaran, para sa pagbawi ng kabuuan o anumang bahagi ng halaga na may kinalaman kung saan ang paghahabol ay hindi pinayagan.*

2. Ang hindi pagdadala ng isang aksyon sa loob ng oras na tinukoy ay bumubuo ng isang pagwawaksi ng anumang mando laban sa kuwenta ng Estado ng di-umano'y sa sobra'ng ibinayad.

Sec. 39. *1. Kung hindi naipadala ng Kagawaran ang abiso ng pagkilos sa isang paghahabol sa loob ng 6 na buwan matapos na maipasok ang paghahabol, maaari'ng ituring ng naghahabol na hindi pinayagan ang paghahabol na ito at magpasok ng isang apela sa Komisyon sa loob ng 30 araw pagkatapos ng huling araw ng 6 na buwa'ng panahon. Kung ang naghahabol ay naapi ng mga desisyon ng Komisyon na ibinigay sa apela, ang naghahabol ay maaaring, sa loob ng 90 araw pagkaapos ang desisyon na ibinigay, ay magdala ng isang aksyon laban sa Kagawaran sa mga batayan ng isinasaad sa paghahabol para sa pagbawi ng kabuuan o anumang bahagi ng halaga'ng hinahabol bilang sobra'ng ibinayad.*

2. Kung ang hatol ay ibinigay para sa nagsasakdal, ang halaga ng hatol ay dapat muna'ng ma-kredito patungo sa anumang mga buwis na dapat bayaran ng nagsakdal.

3. Ang balanse sa inihatol ay dapat isauli sa mga nagsakdal.

Sec. 40. *Kung napag-alaman ng hukuman na ang Kagawaran ay kumilos ng hindi makatwiran o pabagu-bago sa pagtanggi sa habol ng nagsasakdal, ang interes sa halaga na isinauli sa nagsasakdal ay maaaring payagan ayon sa Target na Presyo ng Pondo Pederal, ngunit hindi hihigit sa 6 na porsiyento sa bawa't taon, sa halaga na isinauli sa nagsasakdal mula sa petsa na nagbayad ng halaga hanggang sa petsa bago ang petsa ng garantiya ng balik-bayad ng hindi hihigit sa 30 araw. Ang petsa ay dapat na tukuyin ng Kagawaran.*

Sec. 41. *Ang isang hatol ay hindi maaaring ibigay ng pabor para sa nagsasakdal sa anumang aksiyon na dinala laban sa Kagawaran upang mabawi ang anumang katumbas na binayaran noong dalhin ang aksyon na ito o sa ngalan ng isang tagapangasiwa ng taong nagbabayad ng halaga o sa pamamagitan ng sinumang tao bukod sa taong nag-bayad nang ganoon'g halaga.*

Sec. 42. ***1. Ang Kagawaran ay maaaring mabawi ang isinauli'ng salapi o anumang bahagi nito na kung saan ay hindi wasto ang pagkakagawa at ang anumang mga kredito o bahagi noon na kung saan ay hindi wasto ang ibinigay na pagpayag sa isang aksyon na dinala sa isang hukuman na may kakayahan ang pagsakop sa Carson City o Probinsya ng Clark sa pangalan ng Estado ng Nevada.***

2. Ang aksyon ay dapat na litisin sa Carson City o Probinsya ng Clark maliban kung ang hukuman, sa pahintulot ng Attorney General, ay ipag-utos ang pagbabago ng lugar ng paglilitis.

3. Ang Attorney General ay dapat ipag-usig ang aksyon na ito, at ang mga probisyon ng NRS, ang Panuntunan sa Pamamaraan Sibil ng Nevada at ang Panuntunan sa Pamamaraan ng Paghahabol ng Nevada na may kinalaman sa serbisyo ng sitasyon, pagsusumano, mga katibayan, mga paglilitis at mga apela na tumutukoy sa paglilitis.

Sec. 43. ***1. Kung ang anumang halaga na labis sa $25 ay natukoy na hindi ayon sa batas, alinman sa pamamagitan ng Kagawaran o sa pamamagitan ng mga tao na nagpasok ng balik-bayad, ang Kagawaran ay patutunayan ang katotohanan nito sa Lupon ng Tagasuri ng Estado, at ang huli'ng nabanggit ay pahihintulutan ang pagkansela ng halaga sa mga talaan ng Kagawaran.***

2. Kung ang isang halaga na hindi lalampas sa $25 ay natukoy na hindi ayon sa batas, alinman Sa pamamagitan ng Kagawaran o sa pamamagitan ng mga tao na nagpasok ng balik-bayad, ang Kagawaran, nang wala'ng pagpapatunay ng katotohanan nito sa Lupon ng Tagasuri ng Estado, ang huli'ng nabanggit ay pahihintulutan ang pagkansela ng halaga sa mga talaan ng Kagawaran.

Sec. 44. ***1. Ang sinuman ay hindi dapat:***

(a) Magsagawa, ipagawa o pahintulutan na isagawa ang anumang mali o mapanlinlang na balik-bayad o deklarasyon o mali'ng pahayag na may layuni'ng dayain ang Estado o upang umiwas sa pagbabayad ng buwis o anumang bahagi ng buwis na ipinataw sa pamamagitan ng kapitulo'ng ito.

(b) Magsagawa, ipagawa o pahintulutan na isagawa ang anumang mga mali'ng tala sa mga libro, mga talaan o kuwenta na may layuni'ng dayain ang Estado o iwasan ang pagbabayad ng mga buwis o anumang bahagi ng buwis na ipinataw sa pamamagitan ng kapitulo' ng ito.

(c) Panatilihin, maging sanhi upang mapanatili o pahintulutan upang mapanatili ang higit sa isang hanay ng mga libro, mga talaan o kuwenta na may layuni'ng dayain ang Estado o upang maiwasan ang pagbabayad ng mga buwis o anumang bahagi ng buwis na ipinataw sa pamamagitan ng kapitulo'ng ito.

2. Ang sinumang tao na lumabag sa mga probisyon ng subseksyon 1 ay nagkasala sa isang malubha'ng kasalanan.

Sec. 45. ***Ang mga remedyo ng Estado na ibinigay para sa at nasa kapitulo'ng ito ay pinagsama-sama, at walang aksyon na ginawa ng Kagawaran o ang Attorney General ang bumubuo ng isang pagpili ng Estado upang ipagpatuloy ang anumang remedyo sa pagbubukod ng anumang iba pang mga remedyo kung saan ang mga probisyon ay ginawa sa kapitulo'ng ito.***

Sec. 46 NRS 360.2937 ay inamyendahan dito upang basahin tulad ng sumusunod:

360.2937 1. Maliban kung iba ang ibinigay sa seksyon na ito, NRS 360.320 o anumang iba pang tiyak na batas, at sa kabila ng mga probisyon ng NRS 360.2935, ang interes ay dapat bayaran ang isang sobra'ng ibinayad ng anumang mga buwis na ibinigay sa kapitulo 362, 363A, 363B, 369, 370, 372, 374, 377 o 377A ng NRS [,] ***o seksyon 3 hanggang 45, magkakasama, ng batas na ito***, ang anumang mga bayad na ibinigay para sa NRS 444A.090 o 482.313, o anumang mga pagtasa na ibinigay para sa NRS 585.497, sa singil 0.25 porsiyento ng bawat buwan mula sa huling araw ng buwan sa kalendaryo ng susunod na mga panahon kung saan ang sobra'ng pagbabayad ay isinagawa.

2. Walang balik-bayad o kredito ang maaaring ibigay sa anumang interes na ipinataw sa taong gumawa ng sobra'ng pagbabayad na may kinalaman sa halaga na isinasauli o ikine-kredito

3. Ang interes ay dapat bayaran:

(a) Sa kaso ng isang balik-bayad, sa huling araw ng buwan sa kalendaryo sumunod ang petsa na kung saan ang taong gumagawa ng sobra'ng pagbabayad, kung ang tao ay hindi pa nagpapasok ng paghahabol, ay inabisuhan ng Kagawaran na ang isang paghahabol ay maaaring ipasok o ang petsa na kung saan ang paghahabol ay patunayan sa Lupon ng Tagasuri ng Estado, kung alinman ang mas maaga.

(b) Sa kaso ng isang kredito, sa parehong petsa katulad nang kung saan ang interes ay nakalkula sa buwis o ang halaga salungat sa kung saan ang kredito ay inilapat.

Sec. 47 NRS 360.300 ay inamyendahan dito upang basahin tulad ng sumusunod:

360.300 1. Kung ang isang tao ay hindi nakapagpasok ng pagbabalik-bayad o ang Kagawaran ay hindi nasiyahan sa mga balik-bayad o mga balik-bayad ng anumang buwis, kontribusyon o paghuhulog o halaga ng kinakailangan upang ibayad sa Estado sa pamamagitan ng sinumang tao, alinsunod sa naaangkop na mga probisyon ng kapitulo'ng ito, kapitulo 360B, 362, 363A, 363B, 369, 370, 372, 372A, 374, 377, 377A o 444A ng NRS, mga ***seksyon 3 hanggang 45, kasama, ng batas na ito***, NRS 482.313, o kapitulo 585 o 680B ng NRS tulad ng pinangangasiwaan o tinutuos ang kuwenta ng Kagawaran, maaari nitong tuusin at tukuyin ang halaga na kinakailangan upang bayaran sa batayan ng:

(a) Ang mga katotohanan na nakapaloob sa pagbabalik-bayad;

(b) Anumang impormasyon na na pagmamay-ari nito o na maaaring humantong sa pagmamay-ari nito; o

(c) Makatwirang mga pagtatantya ng halaga.

2. Ang isa o higit pang mga mapag-aalama'ng kakulangan ay maaaring gawin ng may kaugnayan sa mga halagang dapat bayaran para sa isa o mahigit sa isang panahon.

3. Sa paggawa ng pagpapasya'ng ito ng halagang kinakailangan upang mabayaran, ang Kagawaran ay dapat magpataw ng interes sa halaga ng buwis na natukoy na kailanga'ng bayaran, kinalkula sa presyo at sa paraang itinakda sa NRS 360.417, maliban kung ang ibang mga presyo ng interes ay sadya'ng ibinigay ng batas.

4. Ang Kagawaran ay magpapataw ng parusa'ng 10 porsiyento bilang karagdagan sa halaga ng isang pagpapasiya na ginawa kung sakali'ng hindi makapag-pasok ng pagsasauli sa Kagawaran ang isang tao.

5. Kapag ang isang negosyo ay hindi na ipinagpatuloy, ang isang pagpapasiya ay maaaring gawin sa anumang oras pagkatapos noon sa loob ng oras na iniatas sa NRS 360.355 tungkol sa mga sagutin na nagmula sa nasabi'ng negosyo, wala'ng pagsasaalang-alang sa kung ang pagpapasiya ay ibinigay bago ang Nakatakda'ng petsa ng pananagutan.

Sec. 48 NRS 360.417 ay inamyendahan dito upang basahin tulad ng sumusunod:

360.417 Maliban kung iba ang ibinigay sa NRS 360.232 at 360.320, at maliban kung ang ibang parusa o halaga ng interes ay partikular na ibinigay ng batas, ang sinumang tao na nabigo upang bayaran ang anumang mga buwis na ibinigay para sa kapitulo 362, 363A, 363B, 369, 370, 372 , 374, 377, 377A, 444A o 585 ng NRS, ***o mga seksyon 3 hanggang 45, magkakasama, ng batas na ito,*** o anumang mga bayad na ibinigay para sa NRS 482.313, at anumang tao o entity ng pamahalaan na nabigo upang bayaran ang anumang mga bayad na ibinigay para sa NRS 360.787, sa Estado o isang county sa loob ng kinakailangang panahon, ay dapat magbayad ng multa ng hindi hihigit sa 10 porsiyento ng halaga ng buwis o bayad na inutang, tulad ng natukoy ng Kagawaran, sa karagdagan sa buwis o bayad, plus interes sa singil na 0.75 porsiyento bawat buwan, o bahagi ng isang buwan, mula sa huling araw ng buwan ng pagsunod sa mga panahon na kung saan ang halaga o anumang bahagi ng halagang dapat naiulat hanggang sa petsa ng pagbabayad. Ang halaga ng anumang parusa'ng ipapataw ay dapat na batay sa isang natapos na iskedyul na inangkin ng Komisyon ng Pagbubuwis sa Nevada na tumatagal sa pagsasaalang-alang ang haba ng panahon na ang buwis o bayad ya nanatiling hindi bayad.

Sec. 49 NRS 360.510 ay inamyendahan dito upang basahin tulad ng sumusunod.:

360.510 1. Kung ang sinumang tao ay delingkwente sa pagbabayad ng anumang buwis o bayad na pinangangasiwaan ng Kagawaran o kung ang isang pagpapasiya ay ginawa laban sa tao na nananatili'ng hindi bayad, ang Kagawaran ay maaaring.:

(a) Hindi lalampas sa 3 taon matapos na naging delingkwente ang pagbabayad o naging huling pagpapasiya; o

(b) Hindi lalampas sa 6 na taon matapos ang huling pag-tatala ng isang balanghay ng paghatol o ng isang sertipiko na nagsasaad ng isang prenda para sa buwis na inutang,

↳magbigay ng isang paunawa ng pagka-delingkwente at isang pagmamando na ipadala ng personal o sa pamamagitan ng inirehistro o sertipikado'ng koreo sa sinumang tao, kabilang ang, at walang limitasyon, ang anumang opisyal o kagawaran ng Estado'ng ito o anumang subdibisyon pampulitika o ahensiya ng Estado'ng ito, na may o nasa kanyang pagmamay-ari o sa ilalim ng kanyang pag-iingat ang anumang mga kredito o iba pang mga personal na ari-arian na pag-aari ng delingkwente, o anumang pagkaka-utang ng delingkwente o sa tao na kung kangino ang isang pagpapasiya ay ginawa na nananatili'ng hindi nababayaran, o pakaka-utang ng delingkwente o ang taong iyon. Sa kaso ng anumang mga opisyal ng estado, kagawaran o ahensiya, ang paunawa ay dapat ibigay sa opisyal, kagawaran o ahensiya bago magbigay ang Kagawaran ng paghahabol ng delingkwente'ng pagbabayad ng buwis sa Tagasiyasat ng Estado.

2. Ang isang opisyal ng estado, kagawaran o ahensiya na nakatanggap ng naturang paunawa ay maaaring bayaran ang anumang utang na inutang sa kanya ng taong iyon bago niya kilalanin ang paunawa ng Kagawaran.

3. Pagkatapos na matanggap ang mando upang ipadala, ang tao'ng binigyan ng notipikasyon ng pagmamando ay hindi maaaring maglipat o kung hindi man ay mag-ayos ng mga kredito, o iba pang personal na ari-arian, o mga utang na nasa kanyang pagmamay-ari o nasa ilalim ng kanyang pag-iingat sa sandali'ng matanggap ng tao ang paunawa hanggang ang Kagawaran ay magbigay ng pahintulot sa paglilipat o iba pang mga pag-aayos.

4. Bawat tao na inabisuhan sa pamamagitan ng isang mando upang magpadala, sa loob ng 10 araw matapos matanggap ang mando upang ipadala, ay ipagbibigay-alam sa Kagawaran at ipadadala sa Kagawaran lahat ng mga naturang kredito, iba pang personal na ari-arian o mga utang na nasa kaniya'ng pag-aari, sa ilalim ng kanyang pag-iingat o utang ng taong iyon sa loob ng oras at sa hiniling na paraan ng Kagawaran. Maliban kung iba ang ibinigay sa subseksyon 5, walang karagdagang abiso ang kinakailangan upang ibigay sa taong iyon.

5. Kung ang ari-arian ng delingkwente'ng nagbabayad ng buwis ay binubuo ng isang serye ng mga pagbabayad ng pagkakautang sa kanya, ang taong may utang o nag-iingat ng mga pagbabayad ay kailanga'ng ipadala ang mga bayad sa Kagawaran hanggang hindi inaabisuhan ng Kagawaran. Kung ang utang ng delingkwente'ng nagbabayad ng buwis ay hindi nabayaran sa loob ng 1 taon pagkatapos na ibigay ng Kagawaran ang orihinal na mando upang magbayad, ang Kagawaran ay magpapadala ng isa pang mando sa taong may pananagutan sa pagbabayad na nagsasabi sa kanya na ipagpatuloy na ipadala ang mga kabayaran sa Kagawaran o kaya ang kanyang tungkulin sa mga pagbabayad sa Kagawaran ay tapos na.

6. Kung ang paunawa ng pagka-delingkwente ay naglalayo'ng pigilan ang paglilipat ng o iba pang mga pag-aayos ng isang deposito sa isang bangko o credit union o iba pang mga kredito o personal na ari-arian na nasa pagmamay-ari o nasa ilalim ng pag-iingat ng isang bangko, credit union o iba pang mga institusyon ng depositoryo, ang paunawa ay kailanga'ng ipahatid o ipadala sa anumang sangay o opisina ng bangko, credit union o iba pang institusyon ng depositoryo kung saan ang deposito ay isinasagawa o kung saan ang mga kredito o personal na ari-arian ay naroon.

7. Kung ang sinumang tao na pinagsabihan sa pamamagitan ng mga abiso ng pagka-delingkwente ay gumawa ng anumang paglilipat o iba pang mga pag-aayos ng mga ari-arian o mga utang na kinakailangan upang ibigay o ipadala, sa sukdulan ng ang halaga ng ari-arian o halaga ng mga utang na inilipat ay o

nabayaran, ang tao ay mananagot sa Estado para sa anumang pagkakautang na kailanga'ng bayaran alinsunod sa kapitulo'ng ito, o kapitulo 360B, 362, 363A, 363B, 369, 370, 372, 372A, 374, 377, 377A o 444A ng NRS, mga ***seksyon 3 hanggang 45, kasama, ng batas na ito***, NRS 482.313, o kapitulo 585 o 680B ng NRS mula sa tao'ng may kinalaman sa obligasyon kung kangino ibinigay ang paunawa kung ang tanging dahilan ng paglilipat o iba pang mga pag-aayos na hindi nabawi ng Estado ang pagkakautang ng tao na may kinalaman kung kangino ang obligasyon ng paunawa ay ibinigay.

Sec. 50. NRS 363A.130 ay inamyendahan dito upang basahin tulad ng sumusunod:

363A.130 1. Sa pamamagitan nito ay mayroo'ng ipinataw na isang taripa ng buwis sa bawat pinagtatrabahuhan sa singil na ~~[2~~] 2.29 porsiyento ng sahod, tulad ng tinukoy sa NRS 612.190, na binabayaran ng pinagtatrabahuhan tuwing sangkapat ng kalendaryo na may kinalaman sa pagtatrabaho na may kaugnayan sa mga gawain sa negosyo ng pinagtatrabahuhan.

2 Ang buwis na ipinataw sa pamamagitan ng seksyon na ito:

(a) Hindi inilalapat sa sinumang tao o iba pang sangay o anumang sahod na ipinagbabawal ng Estado'ng ito na pabuwisan sa ilalim ng Saligang-Batas, batas o kasunduan ng Estados Unidos o sa Konstitusyon ng Nevada.

(b) Hindi dapat ibawas, sa kabuuan o sa bahagi, mula sa anumang sahod ng mga tao na nagtatrabaho para sa pinagtatrabahuhan.

3. Ang bawat pinagtatrabahuhan ay, sa o bago ang huling araw na kaagad sa sumunod na buwan ng bawa't sangkapat ng kalendaryo kung saan ang pinagtatrabahuhan ay hinihingan upang magbayad ng kontribusyon alinsunod sa NRS 612.535:

(a) Ipasok ang pagsasauli sa Kagawaran sa isang porma na iniatas ng Kagawaran; at

(b) Ipadala sa Kagawaran ang anumang buwis na kailanga'ng bayaran alinsunod sa seksyon na ito para sa nasabing sangkapat ng kalendaryo.

Sec. 51. NRS 363A.130 ay inamyendahan dito upang basahin tulad ng sumusunod:

363A.130 1 Sa pamamagitan nito ay mayroo'ng ipinataw na isang taripa ng buwis sa bawat pinagtatrabahuhan sa singil [~~2.29~~] **2.42** porsiyento ng sahod, tulad ng tinukoy sa NRS 612.190, babayaran ng pinagtatrabahuhan sa panahon ng isang sangkapat ng kalendaryo na may kinalaman sa trabaho na may kaugnayan sa mga gawain ng negosyo ng pinagtatrabahuhan.

2. Ang buwis na ipinataw sa pamamagitan ng seksyon na ito:

(a). Hindi inilalapat sa sinumang tao o iba pang sangay o anumang sahod na ipinagbabawal ng Estado'ng ito ang pabuwisan sa ilalim ng Saligang-Batas, mga batas o kasunduan ng Estados Unidos o sa Konstitusyon ng Nevada.

(b). Hindi dapat ibawas, sa kabuuan o sa bahagi, mula sa anumang sahod ng mga tao na nagtatrabaho para sa pinagtatrabahuhan.

3. Ang bawat pinagtatrabahuhan ay, sa o bago ang huling araw ng kaagad sumunod na buwan ng bawa't sangkapat ng kalendaryo kung saan ang pinagtatrabahuhan ay hinihingi upang magbayad ng kontribusyon alinsunod sa NRS 612.535:

(a) Ipasok ang pagsasauli sa Kagawaran sa isang porma na iniatas ng Kagawaran; at

(b) Ipadala sa Kagawaran ang anumang buwis na kailanga'ng bayaran alinsunod sa seksyon na ito para sa nasabing sangkapat ng kalendaryo.

Sec. 52. NRS 363A.130 ay inamyendahan dito upang basahin tulad ng sumusunod:

363A.130 1. Sa pamamagitan nito ay mayroo'ng ipinataw na isang taripa ng buwis sa bawat pinagtatrabahuhan sa singil [~~2.29~~] **2** porsiyento ng sahod, tulad ng tinukoy sa NRS 612.190, babayaran ng pinagtatrabahuhan sa panahon ng isang sangkapat ng kalendaryo na may kinalaman sa trabaho na may kaugnayan sa mga gawain ng negosyo'ng pinagtatrabahuhan.

2. Ang buwis na ipinataw sa pamamagitan ng seksyon na ito:

(a) Hindi nalalapat sa sinumang tao o iba pang sangay o anumang sahod na ipinagbabawal ng Estado'ng ito na pabuwisan sa ilalim ng Saligang-Batas, batas o kasunduan ng Estados Unidos o sa Konstitusyon ng Nevada.

(b) Hindi dapat ibawas, sa kabuuan o sa bahagi, mula sa anumang sahod ng mga tao na nagtatrabaho para sa pinagtatrabahuhan.

3. Ang bawat pinagtatrabahuhan ay, sa o bago ang huling araw na kaagad sa sumunod na buwan ng bawa't sangkapat ng kalendaryo kung saan ang pinagtatrabahuhan ay hinihingi upang magbayad ng kontribusyon alinsunod sa NRS 612.535:

(a) Ipasok ang pagsasauli sa Kagawaran sa isang porma na iniatas ng Kagawaran; at

(b) Ipadala sa Kagawaran ang anumang buwis na kailanga'ng bayaran alinsunod sa seksyo'ng ito para sa nasabing sangkapat ng kalendaryo.

Sec. 53. NRS 78.245 inamyendahan dito upang basahin tulad ng sumusunod:

78.245 **[**~~Hindi~~**]**

1. Maliban kung iba ang ibinigay sa subseksiyon 2, walang mga istak, pautang o iba pang mga mahalagang papel na ibinigay ng anumang mga korporasyon na itinatag sa ilalim ng kapitulo'ng ito, o ang kita o tinubo mula roon o ang paglilipat mula doon sa pamamagitan ng pagtatalaga, pagpapasa, pagpapamana o kung hindi man, ay bubuwisan sa Estado'ng ito kung ang naturang mga istak, pautang o iba pang mga mahalagang papel ay pag-aari ng hindi residente ng Estado o sa pamamagitan ng mga banyagang korporasyon.

2. Ang mga probisyon ng subseksyon 1 ay hindi nalalapat sa mga buwis na ipinataw alinsunod sa mga seksyon 3 hanggang 45, magkakasama, ng batas na ito.

Sec. 54. NRS 90.420 ay inamyendahan dito upang basahin tulad ng sumusunod:

90.420 1. Ang Tagapamahala sa pamamagitan ng kautusan ay maaaring tumanggi, isuspinde o bawiin ang anumang lisensya, pagmultahin ang sinumang lisensyado'ng tao, limitahan ang mga gawai'ng nasasaklawan ng kapitulo'ng ito na maaari'ng gawin ng isang aplikante o lisensyado'ng tao sa Estado'ng ito, hadlangan ang isang aplikante o tao na binigyan ng lisensya mula sa pakikisama sa isang lisensyado'ng tagapamagita'ng-komersyante o tagapayo sa pamumuhunan o hadlangan ang isang tao na kasosyo, opisyal, direktor, representante sa pagbebenta, tagapayo sa pamumuhunan o kinatawan ng isang tagapayo sa pamumuhunan, o ang isang tao na may mga katulad na katayuan o gumaganap sa isang katulad na tungkulin para sa isang aplikante o tao na binigyan ng lisensya, kung matutuklasan ng Administrator na ang kautusan ay para sa kapakanan ng publiko at ang aplikante o lisensyado'ng tao o, sa kaso ng isang tagapamagita'ng-komersyante o tagapayo sa pamumuhunan ang sinumang mga kasosyo, opisyal, direktor, representante sa pagbebenta, tagapayo sa pamumuhunan o kinatawan ng isang tagapayo sa pamumuhunan, o ang isang tao na may mga katulad na katayuan o gumaganap sa isang katulad na tungkulin o sinumang tao na nang direkta o hindi direktaha'ng namamahala sa tagapamagita'ng-komersyante o tagapayo sa pamumuhunan, o sinumang ahente'ng taga-salin o sinumang tao na hindi direktaha'ng namamahala sa ahente'ng taga-salin:

(a) Ay nagpasok ng aplikasyon para sa pagpapa-lisensya sa Tagapamahala kung saan, mula sa epektibo'ng petsa nito, o anumang petsa matapos ipasok sa kaso ng isang kautusan na tinatanggihan ang pagiging epektibo, ay hindi kumpleto sa isang mahalaga'ng bahagi o nilalaman ng pahayag na noon ay, sa liwanag ng mga pangyayari sa ilalim kung saan ito ginawa, mali o mandaraya may kinalaman sa isang malaki'ng katotohanan;

(b) Ay nilabag o hindi sinunod ang isang probisyon ng kapitulo'ng ito sa ngayon o dating epektibo o isang regulasyon o kautusa'ng inangkin o ipinalabas sa ilalim ng kapitulo;

(c) Ay napapasailalim ng isang kapasyahan o pagpapasya pagkatapos ng paunawa at pagkakataon para sa pagdinig, sa loob ng nakaraang 5 taon sa pamamagitan ng isang ahensiya o tagapamahala ng iba'ng estado o isang hukuman na may tama'ng pagsakop sa mga mahalagang papel na ang tao ay nilabag sa Batas ng Seguridad ng 1933, ang Batas ng mga Mahalagang Papel ng 1934, ang Batas ng Tagapayo sa Pamumuhunan ng 1940, ang Batas ng Kompanya ng Pamumuhunan ng 1940, ang mga Batas ng Pamamalit ng Kalakal o ng batas ng mga mahalagang papel ng anumang iba pang estado, ngunit kung lamang ang mga ginawa ay bumubuo ng paglabag ng batas ng estado'ng iyon ay mangangahulugan ng paglabag ng kapitulo'ng ito ay ginawa sa Estado'ng ito.

(d) Sa loob ng huling 10 taon ay nahatulan ng isang mabigat na pagkakasala o maliit na kasalanan kung saan napag-alaman ng Tagapamahala:

(1) Ay nasangkot sa pagbili o pagbebenta ng isang seguridad, pagkuha ng isang huwad na panunumpa, sa paggawa ng isang mali'ng ulat, pagsusuhol, pagsisinungaling, pagnanakaw, panloloob o pagsasabwatan upang gumawa ng anuman sa mga nabanggit na pagkakasala;

(2) Nagmula sa pangangasiwa ng negosyo bilang isang tagapamagita'ng-komersyante, tagapayo sa pamumuhunan, institusyon ng depositoryo, kompanya ng seguro o katiwala; o

(3) Nasangkot sa pagnanakaw, nakawan, looban, paghingi nang sapilitan, pamamalsipika, panghuhuwad, mapanlinlang na pagtatago, paglulustay, madaya'ng pagsasalin o maling paggamit ng pera o mga mahalagang papel o pagsasabwatan upang gumawa ng anuman sa mga nabanggit na pagkakasala;

(e) Ay o ay permanente o pansamantala'ng pinag-utusan ng anumang hukuman ng may tamang pagsakop, maliban kung ang kautusan ay ipinahinto, mula sa pagkilos bilang isang tagapayo sa pamumuhunan, kinatawan ng isang tagapayo sa pamumuhunan, ahente ng seguro, tagapamagita'ng-komersyante o bilang isang kaakibat na tao o empleyado ng isang kompanya sa pamumuhunan, institusyon ng deposito o kompanya ng seguro o mula sa pakikibahagi sa o pagpapatuloy sa anumang pangangasiwa o kasanayan na may kaugnayan sa anuman sa mga nabanggit na aktibidad o na may kaugnayan sa pagbili o pagbebenta ng isang seguridad;

(f) Ay o ay nasasailalim ng isang utos ng Tagapamahala, maliban kung ang kautusan ay ipinahinto, tinaggihan, pagsuspindi o pagpapa-walang-bisa ng lisensya ng tao bilang isang tagapamagita'ng-komersyante, representante sa pagbebenta, tagapayo sa pamumuhunan, kinatawan ng isang tagapayo sa pamumuhunan o ahente'ng taga-salin;

(g) Ay o ay nasasailalim ng anuman sa sumusunod na mga utos kung saan ay ibinigay sa loob ng nakaraang 5 taon, maliban kung ang kautusan ay binawi:

(1) Isang utos ng ahensiya ng mga mahalagang papel o tagapamahala ng isa pang estado, probinsiya o teritoryo ng Canada o sa pamamagitan ng Komisyon ng Palitan ng Mahalagang Papel o isang maihahambing na regulasyon ng ahensiya ng ibang bansa, ipinasok pagkatapos ng paunawa at pagkakataon para sa pagdinig, pagtanggi, pagsususpindi o pagpapa-walang-bisa ng lisensya ng tao bilang isang tagapamagita'ng-komersyante, representante sa pagbebenta, tagapayo sa pamumuhunan, kinatawan ng isang tagapayo sa pamumuhunan o ahente'ng taga-salin;

(2) Ang isang suspensyon o pagpapa-alis mula sa pagiging kasapi sa o pagkakaugnay sa isang kasapi ng isang organisasyo'ng may pansarili'ng regulasyon;

(3) Ang isang utos ng Serbisyo sa Koreo ng Estados Unidos na may kaugnayan sa panloloko;

(4) Ang isang utos upang huminto at tumigil na itinala pagkatapos ng paunawa at magkaroon ng pagkakatao'ng pakinggan ng Tagapamahala, ahensiya ng mga mahalagang papel o tagapamahala ng isa pang estado, lalawigan o teritoryo ng Canada, Komisyon ng Palitan ng Mahalagang Papel o isang maihahambing na ahensiya ng regulasyon ng ibang bansa, o ang Komisyon sa Palitan ng Hinaharap na Kalakal; o

(5) Isang kautusan ng Komisyon ng Palitan ng Hinaharap na Kalakal, tinatanggihan, o nagsususpindi o binabawi ang pagkapa-rehistro sa ilalim ng Batas ng Pamamalit ng Kalakal;

(h) Ay nakikibahagi sa hindi sumusunod sa etika o madaya'ng mga gawain sa negosyo sa mahalagang

papel;

(i) Ay bagsak na negosyo, alinman sa kahulugan na ang mga pananagutan ay lagpas sa mga pag-aari o sa kahulugan na ang mga obligasyon ay hindi maaaring matugunan kung dapat nang bayaran, ngunit hindi maaaring itala ng Tagapangasiwa ang isang kautusan laban sa isang tagapamagita'ng-komersyante o tagapayo sa pamumuhunan sa ilalim ang talata'ng ito nang hindi napapatunayan ang pagkalugi ng tagapamagita'ng-komersyante o tagapayo sa pamumuhunan;

(j) Ay hindi nakapagbayad ng buwis tulad ng kinakailangan alinsunod sa probisyon ng kapitulo 363A ng NRS **[;]** ***o seksyon 3 hanggang 45, magkakasama, ng batas na ito;***

(k) Ay natukoy ng Tagapamahala bilang pagsunod sa NRS 90.430 na hindi kwalipikado ayon sa batayan ng kakulangan ng pagsasanay, karanasan at kaalaman tungkol sa negosyo ng mga mahalagang papel; o

(l) Ay nabigo upang makatwira'ng pangasiwaan ang isang representante sa pagbebenta, empleyado o kinatawan ng isang tagapayo sa pamumuhunan.

2. Hindi maaari'ng ipatupad ng Tagapamahala ang isang pamamaraan dahil ang isang katotohanan o transaksyon ay alam ng tagapangasiwa nang panaho'ng maging epektibo ang lisensya maliban kung ang pamamaraan ay sinimulan sa loob ng 90 araw matapos ang pagpapalabas ng lisensya.

3. Kung mapag-alaman ng Tagapamahala na ang isang aplikante o lisensyado'ng tao ay wala na o tumigil na sa gawain ng negosyo bilang tagapamagita'ng-komersyante, representante sa pagbebenta, tagapayo sa pamumuhunan, kinatawan ng isang tagapayo sa pamumuhunan o ahente'ng taga-salin o ay napagpasyahan sa walang kakayahan ang pag-iisip o sumailalim sa pamamahala ng isang komite, konserbador o tagapag-alaga o hindi maaaring matagpuan pagkatapos ng mga makatwirang paghahanap, ang Tagapangasiwa ay maaari'ng mag-utos na tanggihan ang aplikasyon o bawiin ang lisensya.

Sec. 55. NRS 90.730 ay inamyendahan dito upang basahin tulad ng sumusunod:

90.730 1. Maliban kung iba ang ibinigay sa subseksiyon 2, ang impormasyon at mga talaan na ipinasok sa o nakuha sa pamamagitan ng Tagapangasiwa ay pampubliko'ng impormasyon at makikita para sa pampublikong pagsusuri.

2 Maliban kung iba ang ibinigay sa mga subseksyon 3 at 4 at NRS 239.0115, ang sumusunod na impormasyon at mga talaan ay hindi nangangahulugan ng pampublikong impormasyon sa ilalim ng subseksyon 1 at lihim.:

(a) Impormasyon o mga tala na nakuha ng mga Tagapangasiwa na may kaugnayan sa isang pagsisiyasat ukol sa mga posible'ng paglabag sa kapitulo'ng ito; at

(b) Impormasyon o mga tala na iniharap sa Tagapangasiwa na may kaugnayan sa isang pahayag sa ilalim ng kapitulo'ng ito o isang ulat sa ilalim ng NRS 90.390 na bumubuo ng mga lihim pangkalakalan o komersyal o pampinansyal na impormasyon ng isang tao kung saan ang taong iyon ay may karapatan sa at ay iginiit ang isang paghahabol ng pribilehiyo o pagiging kompidensiyal na pinahintulutan ng batas.

3. Ang Administrator ay maaaring magsumite ng anumang impormasyon o ebidensya na nakuha na may kaugnayan sa isang imbestigasyon sa:

(a) Attorney General o naaangkop na abogado ng distrito para sa layunin na usigin ang isang kriminal na pagkilos sa ilalim ng kapitulo; at

(b) Kagawaran ng Pagbubuwis para sa paggamit nito sa pagsasagawa ng mga probisyon ng kapitulo 363A ng **NRS [.] at mga seksyon 3 hanggang 45, magkakasama, ng batas na ito**.

4. Maaaring magbunyag ng Tagapamahala ang anumang impormasyon na nakuha na may kaugnayan sa isang imbestigasyon alinsunod sa NRS 90.620 sa mga ahensya at mga tagapamahala na tinukoy sa subseksyon 1 ng NRS 90.740 ngunit kung ang pagsisiwalat ay ibinigay lamang para sa layunin ng isang sibil, administratibo o kriminal na pagsisiyasat o paglilitis, at ang ahensiya na tatanggap o tagapamahala ay ipinakita sa pamamagitan ng sulat na sa ilalim ng nalalapat na umiiral na mga proteksyon sa batas mapanatili ang integridad, pagiging kompidensiyal at seguridad ng impormasyon.

5. Ang kapitulo'ng ito ay hindi lilikha ng anumang pribilehiyo o lumiit ang anumang mga prebilehiyo'ng umiiral sa karaniwa'ng batas, sa pamamagitan ng batas, regulasyon o kung hindi man.

Sec. 56 NRS 604A.820 ay inamyendahan dito upang basahin tulad ng sumusunod:

604A.820 1. Kung ang Commissioner ay may dahilan upang maniwala na may dahilan para sa pagpapa-walang-bisa o suspensyon ng isang umiiral na lisensya, ang Komisyoner sa loob ng 20 araw ay magbibigay ng nakasulat na abiso na nagsasaad ng pinag-iisipa'ng pagkilos at, sa pangkalahatan, ang mga batayan ukol dito at itakda ang petsa para sa isang pagdinig.

2 Sa konklusyon ng isang pagdinig, ang Komisyoner ay magtataglay:

(a) Magtatala ng isang nakasulat na kautusan alinman sa pagpapa-walang-saysay sa mga sumbong, pagbawi ng lisensya o pagsususpindi ng lisensya para sa isang panahon na hindi hihigit sa 60 araw, kung saan ay isasama ang panahon ng anumang mga naunang mga pansamantalang suspensyon. Ang Komisyoner ay kailanga'ng magpadala ng isang kopya ng kautusan sa binigyan ng lisensya sa pamamagitan ng inirehistro o sertipikado'ng koreo.

(b) Magpapataw sa mga may lisensya ng isang administratibo'ng multa ng hindi hihigit sa $10,000 para sa bawa't paglabag ng lisensya ng anumang probisyon ng kapitulo'ng ito o anumang regulasyon na inangkin alinsunod dito.

(c) Kung ang isang multa ay ipinataw alinsunod sa seksyo'ng ito, itala ang naturang utos kung kinakailangan upang mabawi ang mga gastos ng paglilitis, kabilang ang gastos sa imbestigasyon at bayad sa abogado ng Komisyoner.

3. Ang dahilan para sa pagpapa-walang-bisa o suspensyon ng isang lisensya ay:

(a) Ang lisensyado ay nabigo'ng bayaran ang tauna'ng bayad sa lisensya;

(b) Ang lisensyado, alinman kung sadya o sa kapabayaan upang maiwasan ito, ay nilabag ang anumang

probisyon ng kapitulo'ng ito o anumang naaayon sa batas na regulasyo'ng inangkin alinsunod dito;

(c) Ang lisensyado ay hindi nakapagbayad ng buwis tulad ng kinakailangan alinsunod sa probisyon ng kapitulo 363A ng NRS [;] ***o seksyon 3 hanggang 45, magkakasama, ng batas na ito;***

(d) Anumang mga katotohanan o kondisyo'ng umiiral na magbibigay-katarungan sa pagtanggi ng Komisyoner sa orihinal na aplikasyon para sa lisensya alinsunod sa mga probisyon ng kapitulo'ng ito; o

(e) Ang lisensyado:

(1) Ay nabigo'ng buksan ang isang tanggapan para sa pamamahala ng negosyo'ng pinahintulutan ng kanyang lisensya sa loob ng 180 araw pagkatapos ng petsa na ng lisensya ay ibigay; o

(2) Ay hindi nanatili'ng bukas para sa pangangasiwa ng negosyo sa loob ng 180 araw na walang magandang dahilan para dito.

4. Ang anumang pagpapa-walang-saysay o suspensyon ay nalalapat lamang sa lisensya na ipinagkaloob sa isang tao para sa partikular na opisina kung saan ang dahilan para sa pagpapa-walang-bisa o suspensyon ay umiiral.

5. Ang isang utos ng pagsususpindi o pagpapa-walang-bisa ng lisensya ay magiging epektibo 5 araw matapos ipasok maliban kung ang tinutukoy ng kautusan kung hindi man o isang pagpapa-tigil ay ibinibigay.

Sec. 57. NRS 612.265 ay inamyendahan dito upang basahin tulad ng sumusunod:

612.265 1. Maliban kung iba ang ibinigay sa seksyon na ito at ng NRS 239.0115, ang impormasyo'ng nakuha mula sa anumang upaha'ng yunit o tao alinsunod sa pangangasiwa ng kapitulo'ng ito at anumang pagpapasiya tungkol sa mga karapatang benepisyo ng sinumang tao ay lihim at maaaring hindi ibunyag o hindi bukas sa pampublikong inspeksiyon sa anumang paraan na maaaring magpakita ng mapagkikilanlan o pinagtatrabahuha'ng yunit.

2. Sinumang naghahabol o isang legal na kinatawan ng isang naghahabol ay may karapatan sa impormasyon mula sa mga talaan ng mga Dibisyon, sa lawak na kinakailangan para sa tamang paghaharap ng habol nang naghahabol sa anumang pamamaraan alinsunod sa kapitulo'ng ito. Ang isang naghahabol o isang pinagtatrabahuha'ng yunit ay walang karapatan sa impormasyon mula sa talaan ng Dibisyon para sa anumang iba pang layunin.

3. Sumasailalim sa naturang paghihigpit tulad ng maaaring ipag-utos ng Tagapangasiwa ayon sa regulasyon, ang impormasyon na nakuha ng Dibisyon ay maaaring gawing magagamit sa:

(a) Anumang ahensiya nito o anumang iba pang estado o anumang pederal na ahensiya na may tungkulin sa pangangasiwa o pagpapatupad ng batas na may kaugnayan sa kabayaran sa kawalan ng trabaho, pampublikong tulong, worker's compensation o relasyon sa trabaho at pang-industriya o pagpapanatili ng isang sistema ng mga pampublikong tanggapan ng trabaho;

(b) Anumang mga estado o lokal na ahensiya para sa pagpapatupad ng suporta sa bata;

(c) Ang Internal Revenue Service ng Departamento ng Pananalapi;

(d) Ang Kagawaran ng Pagbubuwis; at

(e) Ang Lupon ng mga Kontratista ng Estado sa pagpapaganap ng mga tungkulin nito upang ipatupad ang mga probisyon ng kapitulo 624 ng NRS.

Ang impormasyon na nakuha na may kaugnayan sa pangangasiwa ng Serbisyo sa Trabaho ay maaaring gawing makikita ng mga tao o mga ahensya para sa mga layuning naaangkop sa pagpapatakbo ng isang serbisyo publiko o isang programa ng pampublikong tulong.

4. Sa nakasulat na kahilingan na ginawa ng isang pampublikong opisyal ng isang lokal na pamahalaan, ang Tagapamahala ay ibibigay mula sa talaan ng Dibisyon ang pangalan, tirahan at lugar ng trabaho ng sinumang tao na nakalista sa mga talaan ng Dibisyon ng Pagtatrabaho. Kailangan ay nakatakda sa kahilingan ang mga numero ng social security para kung kangino hinihingi ang kahilingan na naglalaman ng isang pahayag na nilagdaan ng wastong awtoridad ng lokal na pamahalaan na nagpapatunay na ang kahilingan ay ginawa upang pahintulutan ang tamang awtoridad upang ipatupad ang isang batas upang mabawi ang isang utang o obligasyon na inutang sa lokal na pamahalaan. Maliban kung iba ang ibinigay sa NRS 239.0115, ang impormasyon na nakuha ng lokal na pamahalaan ay kompidensiyal at hindi maaaring gamitin o ibunyag para sa anumang layunin maliban sa pangongolekta ng isang utang o obligasyon na utang sa lokal na pamahalaan. Maaaring maningil ang Tagapangasiwa ng isang makatwirang bayad para sa gastos sa pagbibigay ng hiniling na impormasyon.

5. Ang Tagapangasiwa ay maaaring maglathala ng o kung hindi man ay magbigay ng impormasyon sa mga pangalan ng pinagtatrabahuhan, ang kanilang mga direksiyon, ang mga uri o klase ng kanilang negosyo o industriya, at ang tinataya'ng bilang ng mga empleyado na nagtatrabaho sa bawa't pinagtatrabahuhan, kung ang impormasyo'ng inilabas ay tutulong sa mga taong walang pinapasukan upang makakuha ng trabaho o ay magiging kapaki-pakinabang sa pangkalahatan sa pagbuo at pagsasang-uri ng pang-ekonomiyang kapakanan ng Estado'ng ito. Sa pamamagitan ng paghiling ng isang ahensiya ng estado kung saan ay magagawa ang ipakita na ang layon ng paggamit ng impormasyon ay magbibigay pakinabang sa mga residente ng Estado'ng ito, ang Tagapangasiwa ay maaari, bilang karagdagan sa mga impormasyon na nakalista sa subseksyo'ng ito, ibunyag ang bilang ng mga empleyado na nagtatrabaho ng bawat pinagtatarabahuhan at ang kabuua'ng sahod na binabayaran ng bawa't pinagtatrabahuhan. Ang Tagapangasiwa ay maaari'ng maningil ng bayad upang mapagtakpan ang aktwal na mga gastos sa anumang administratibo'ng gastos na may kaugnayan sa pagsisiwalat ng impormasyon na ito sa isang ahensiya ng estado. Maaari'ng kailanganin ng Tagapangasiwa na patunayan ng ahensiya ng estado sa pamamagitan ng sulat na ang ahensiya ay gagawin lahat ang kinakailanga'ng pagkilos upang mapanatili ang pagiging kompidensiyal ng impormasyon at pigilan nito ang hindi awtorisadong pagbubunyag.

6. Sa sandali'ng humingi, ang Tagapangasiwa ay magbibigay sa anumang ahensiya ng Estados Unidos na may katungkulan sa pangangasiwa ng mga pampublikong gawain o tulong sa pamamagitan ng pampublikong trabaho, at maaaring ibigay sa anumang ahensiya ng estado mga kapareho'ng tungkulin, ang pangalan, direksiyon, ordinaryo'ng trabaho at katayuan sa pagtatrabaho ng bawat tatanggap ng benepisyo at ang

karapatan ng tumanggap sa mga karagdaga'ng pakinabang alinsunod sa kapitulo'ng ito

7. Upang palawakin ang isang kasalukuyang pagsisiyasat kriminal, ang puno'ng ehekutibo'ng opisyal ng anumang ahensiya sa pagpapatupad ng batas ng Estado'ng ito ay maaari'ng magsumite ng isang nakasulat na kahilingan sa Tagapangasiwa upang ilabas ng Tagapangasiwa, mula sa talaan ng Dibisyon, ang pangalan, direksiyon at lugar ng trabaho ng sinumang tao na nakalista sa mga talaan ng trabaho ng Dibisyon. Kailangan ay nakalagay sa kahilingan ang mga numero ng social security para kung kangino ang hinihingi'ng kahilingan at naglalaman ng isang pahayag na nilagdaan ng puno'ng ehekutibo'ng opisyal na nagpapatunay na ang kahilingan ay ginawa upang palawakin ang isang kriminal na pagsisiyasat na kasalukuyang isinagawa ng ahensiya.
Sa sandali'ng matanggap ang nasabing kahilingan, ang Tagapangasiwa ay ibibigay ang hinihiling na impormasyon. Maaaring maningil ang Tagapangasiwa ng isang bayad para sa anuma'ng gastos na may kinalaman sa gastos administribo.

8. Bilang karagdagan sa mga probisyon ng subseksyon 5, ang Tagapangasiwa ay magbibigay ng mga listahan na naglalaman ng mga pangalan at direksiyon ng pinagtatrabahuhan, at impormasyon tungkol sa sahod na binabayaran ng bawat pinagtatrabahuhan sa Kagawaran ng Pagbubuwis, oras na humingi, upang patotohanan ang pagbabayad ng mga buwis na ipinataw alinsunod sa mga kapitulo 363A at 363B ng NRS [.] **at mga seksyon 3 hanggang 45, magkakasama, ng batas na ito.** Maaaring maningil ang Tagapangasiwa ng isang bayad para sa anuma'ng gastos na may kinalaman sa gastos administribo.

9. Ang isang pribadong tagapag-dala ng seguro na nagbibigay ng pang-industriya'ng seguro sa Estado'ng ito ay kailanga'ng isumite sa Tagapangasiwa ang isang listahan na naglalaman ng mga pangalan ng bawat tao na nakatanggap ng benepisyo alinsunod sa mga kapitulo 616A sa 616D, magkakasama, o kapitulo 617 ng NRS sa panahon ng nakaraang buwan at hilingin na ang tagapangasiwa ay ihambing sa talaan ng Dibisyon an impormasyon na ibinigay patungkol sa mga tao na naghahabol ng benepisyo alinsunod sa kapitulo 612 ng NRS para sa parehong panahon. Ang impormasyon na isinumite ng mga pribadong tagapag-dala ng seguro ay dapat na nasa isang porma na natukoy ng Tagapangasiwa at kailangan ay naglalaman ng numero ng social security ng bawat naturang tao. Kapag natanggap na ang kahilingan, ang Tagapangasiwa ay kailangan ang gumawa ng tulad ng isang paghahambing at, kung lumilitaw mula sa impormasyon na isinumite na ang isang tao ay sabay na naghahabol ng benepisyo sa ilalim ng kapitulo 612 ng NRS at sa ilalim ng kapitulo 616A sa 616D, magkakasama, o kapitulo 617 ng NRS, ang tagapangasiwa ay kailanga'ng abisuhan ang Attorney General o anumang iba pang naaangkop na ahensiya na pagpapatupad ng batas. Maniningil ang Tagapangasiwa ng isang bayad para sa anuma'ng gastos na may kinalaman sa gastos administribo

10. Ang Tagapangasiwa ay maaaring hilingin sa Tagasiyasat ng Salapi ng Estados Unidos upang gumawa ng isang pagsusuri ng kawastuhan ng anumang pagsasauli o pag-uulat na ibinigay ng anumang pambansang kapisanan ng mga bangko alinsunod sa probisyon ng kapitulo'ng ito, at maaaring may kaugnayan sa kahilingan ay ipadala ang anumang ulat o pagsasauli sa Tagasiyasat ng Pera ng Estados Unidos tulad ng ibinigay sa seksyon 3305 (c) ng Kodigo ng Internal Revenue ng 1954.

11. Kung ang sinumang empleyado o miyembro ng Lupon ng mga Tagarepaso, ang Tagapangasiwa o sinumang empleyado ng Tagapangasiwa, bilang paglabag sa mga probisyon ng seksyo'ng ito, ay magbunyag ng impormasyon na nakuha mula sa anumang upaha'ng yunit o tao sa pamamahala ng kapitulo'ng ito o sinumang tao na nakuha ang isang listahan ng mga aplikante para sa trabaho, o ng mga naghahabol o mga tumatanggap ng benepisyo alinsunod sa ginagamit ng kapitulo'ng ito o pinahihintulutan ang paggamit ng mga listahan para sa anumang layunin pampulitika, ay nagkasala sa isang maliit ngunit mabigat na kasalanan.

12. Lahat ng mga sulat, mga ulat o mga pakikipag-ugnayan ng anumang uri, sa bibig o nakasulat, mula sa pinagtatrabahuhan o empleyado sa bawat isa o sa Dibisyon o sinuman sa mga ahente nito, mga kinatawan o mga empleyado ay pribilehiyo at hindi dapat sumailalim sa saligang ito o batayan para sa anumang paksa ng demanda kung ang sulat, ulat o komunikasyon ay nakasulat, ipinadala, naihatid o inihanda alinsunod sa mga kinakailangan ng kapitulo'ng ito.

Sec. 58. NRS 616B.012 ay inamyendahan dito upang basahin tulad ng sumusunod:

616B.012 1. Maliban kung iba ang ibinigay sa seksyon na ito at NRS 239.0115, 616B.015, 616B.021 at 616C.205, ang impormasyong nakuha mula sa anumang kompanya'ng nagseseguro, pinagtatrabahuhan o empleyado ay lihim at hindi maaaring ibunyag o bukas sa pag-iinspeksyon ng publiko sa anumang paraan na maaaring maglantad ng pagkakakilanlan ng tao.

2. Sinumang naghahabol o legal na kinatawan ng naghahabol ay may karapatan sa impormasyon mula sa mga talaan ng mga kompanya'ng nagseseguro, sa lawak na kinakailangan para sa tamang paghaharap ng isang habol sa anumang pamamaraan sa ilalim ng kapitulo 616A sa 616D, magkakasama, o kapitulo 617 ng NRS.

3. Ang Dibisyon at Tagapangasiwa ay may karapatan sa impormasyon mula sa mga talaan ng mga kompanya'ng nagseseguro kung saan ay kinakailangan para sa pagganap ng kanilang mga tungkulin. Ang Tagapangasiwa ay maaaring, sa pamamagitan ng regulasyon, i-atas ang pamamaraan kung saan kung hindi man ay lihim na impormasyon at maaaring gawing magagamit sa:

(a) Ang anumang ahensiya nito o anumang iba pang estado'ng may tungkulin sa pangangasiwa o pagpapatupad ng batas kaugnay sa pang-industriya'ng seguro, kabayaran sa kawalan ng trabaho, pampublikong tulong o batas sa paggawa at relasyon pang-industriya;

(b) Anumang estado o lokal na ahensiya para sa pagpapatupad ng suporta sa bata;

(c) Ang Internal Revenue Service ng Departamento ng Pananalapi;

(d) Ang Kagawaran ng Pagbubuwis; at

. (e) Ang Lupon ng mga Kontratista ng Estado sa pagganap ng mga tungkulin nito upang ipatupad ang mga probisyon ng kapitulo 624 ng NRS.

Ang impormasyon na nakuha na may kaugnayan sa pamamahala ng isang programa ng pang-industriya'ng seguro ay maaaring makuha ng mga tao o mga ahensya para sa mga layuning naaangkop sa pagpapatakbo ng

isang programa ng pang-industriya'ng seguro.

4. Sa pamamagitan ng nakasulat na kahilingan na ginawa ng isang pampublikong opisyal ng isang lokal na pamahalaan, ang isang kompanya'ng nagseseguro ay magbibigay mula sa mga talaan nito ng pangalan, direksiyon at lugar ng trabaho ng sinumang tao na nakalista sa mga talaan nito. Ang kahilingan ay kailanga'ng ipagbigay-alam ang numero ng social security ng tao kung para kanino ang kahilingan ay ginawa at naglalaman ng isang pahayag na nilagdaan ng wastong awtoridad ng lokal na pamahalaan na nagpapatunay na ang kahilingan ay ginawa upang pahintulutan ang tamang awtoridad na ipatupad ang isang batas upang mabawi ang isang utang o obligasyon na inutang sa lokal na pamahalaan. Maliban kung iba ang ibinigay sa NRS 239.0115, ang impormasyon na nakuha ng lokal na pamahalaan ay kompidensiyal at hindi maaaring gamitin o isiwalat para sa anumang layunin maliban sa pangongolekta ng isang utang o obligasyon ng pagkakautang sa lokal na pamahalaan. Maaaring maningil ang kompanya'ng nagseseguro ng isang makatwirang bayad para sa gastos sa pagbibigay ng hiniling na impormasyon.

5. Upang palawakin ang isang kasalukuyang pagsisiyasat kriminal, ang puno'ng ehekutibo'ng opisyal ng anumang ahensiya ng pagpapatupad ng batas ng Estado na ito ay maaaring isumite sa Tagapangasiwa ang isang nakasulat na kahilingan para sa pangalan, direksiyon at lugar ng trabaho ng sinumang tao na nakalista sa mga talaan ng isang kompanya'ng nagseseguro. Dapat na nakatakda sa kahilingan ang mga numero ng social security ng tao para kanino ang kahilinga'ng ginawa at naglalaman ng isang pahayag na pinirmahan ng puno'ng ehekutibo'ng opisyal na nagpapatunay na ang kahilingan ay ginawa upang palawakin ang isang kriminal na pagsisiyasat na kasalukuyang isinagawa ng ahensiya. Sa oras na matanggap ang isang kahilingan, ang Tagapangasiwa ay dapat atasan ang kompanya'ng nagseseguro upang ibigay ang hiniling na impormasyon. Sa oras na matanggap ang naturang isang kautusan, ang kompanya'ng nagseseguro ay dapat ibigay ang hiniling na impormasyon. Ang kompanya'ng nagseseguro ay maaari'ng maningil ng isang makatwirang bayad upang masakop ang anumang mga kaugnay na gastos na pang-administratibo.

6. Ayon sa paghiling ng Kagawaran ng Pagbubuwis, ang Tagapangasiwa ay magbibigay:

(a) Mga Listahan na naglalaman ng mga pangalan at direksiyon ng pinagtatrabahuhan; at

(b) Iba pang impormasyon tungkol sa mga pinagtatrabahuhan na kinolekta at pinapanatili ng Tagapangasiwa o ang Dibisyon upang isagawa ang mga hangarin ng mga kapitulo 616A hanggang 616D, magkakasama, o kapitulo 617 ng NRS,

↳sa Kagawaran para sa paggamit nito sa pagpapatunay ng pagsasauli para sa mga buwis na ipinataw alinsunod sa mga kapitulo 363A at 363B ng NRS [.] ***At mga seksyon 3 hanggang 45, magkakasama, ng batas na ito***. Maaaring singilin ng Tagapangasiwa ang isang makatwirang bayad upang masakop ang anumang mga kaugnay na gastos pang-administratibo.

7. Ang sinumang tao na, bilang paglabag sa seksyo'ng ito, ay nagbunyag ng impormasyo'ng nakuha mula sa mga hilera ng mga naghahabol o may hawak ng patakaran sa pagseseguro o kumuha ng isang listahan ng mga naghahabol o may hawak ng patakaran sa pagseseguro sa ilalim ng kapitulo 616A hanggang 616D, magkakasama, o kapitulo 617 ng NRS at mga ginamit o pinahintulutan ang paggamit ng listahan para sa anumang layuning pang-politikal, ay nagkasala sa isang malubha'ng kasalanan.

8. Lahat ng sulat, anumang uri, sa bibig o nakasulat, mula sa kompanya'ng nagseseguro o empleyado ay pribilehiyo at hindi dapat sumailalim sa saligang ito o batayan para sa anumang paksa ng demanda kung ang sulat, ulat o komunikasyon ay nakasulat, ipinadala, naihatid o inihanda alinsunod sa mga kinakailangan kapitulo 616A hanggang 616D, magkakasama, o kapitulo 617 ng NRS.

9. Ang mga probisyon ng seksyon na ito ay hindi pinagbabawalan ang Tagapangasiwa o ang Dibisyon mula sa pagbubunyag ng anumang hindi-pribado'ng impormasyon na may kaugnayan sa isang walang-seguro'ng- pinagtatrabahuhan o patunay ng pang-industriya'ng seguro.

Sec. 59. NRS 645B.060 ay inamyendahan dito upang basahin tulad ng sumusunod:

645B.060 1. Sumasailalim sa pamamahala administribo ng Direktor ng Kagawaran ng Negosyo at Industriya, ang Komisyoner ay ipapatupad ang mga pangkalahatang pangangasiwa at pamamahala sa taga-pamagitan sa pagsasangla at mga ahente sa pagsasangla na nagsasagawa ng negosyo sa Estado'ng ito.

2. Bilang karagdagan sa iba pang mga tungkulin na ipinataw sa kanya sa pamamagitan ng batas, ang Komisyoner ay:

(a) Mag-aangkin ng mga regulasyon:

(1) Na magtatakda ng mga kinakailangan para sa isang kapitalista upang makakuha ng pagmamay-ari ng o isang kapaki-pakinabang na interes sa isang utang na sinigurado ng isang prenda ng lupa'ng ari-arian. Dapat isama ng mga regulasyon, nang walang limitasyon, ang pinaka-mababa'ng kondisyon pang-pinansiyal na kailangang sundin ng namumuhunan bago maging isang kapitalista.

(2) Magbubuo ng makatuwirang mga limitasyon at mga alituntunin sa mga pautang na ibinigay ng isang taga-pamagitan sa pagsasangla sa isang direktor, opisyal, ahente sa pagsasangla o empleyado ng taga-pamagitan sa pagsasangla.

(b) Mag-aangkin ng anumang iba pang mga regulasyon na kinakailangan upang isagawa ang mga probisyon ng kapitulo'ng ito maliban sa mga bayarin sa pamamagitan sa pagsasangla.

(c) Magsasagawa ng naturang pagsisiyasat tulad nang maaaring kailangan upang matukoy kung ang sinumang tao ay lumabag sa anumang probisyon ng kapitulo'ng ito, isang regulasyon na inangkin alinsunod sa mga kapitulo'ng ito o isang utos ng Komisyoner.

(d) Maliban kung iba ang ibinigay sa subseksiyon 4, magsagawa ng isang taunang pagsusuri sa bawat tagapamagitan sa pagsasangla na nagsasagawa ng negosyo sa Estado'ng ito. Ang taunang pagsusuri ay dapat isama ang, walang limitasyon, isang pormal na palabas na repaso ng tagapamagitan sa pagsasangla. Ang Komisyoner ay dapat angkinin ang regulasyon na nag-uutos:

(1) Mga Pamantayan para sa pagtukoy ng grado ng bawat tagapamagitan sa pagsasangla batay sa mga resulta ng taunang pagsusuri; at

(2) Pamamaraan para sa paglutas ng anumang mga pagtutol na ginawa ng tagapamagitan sa pagsasangla tungkol sa mga resulta ng taunang pagsusuri. Ang mga resulta ng taunang pagsusuri ay hindi maaaring buksan sa pampublikong inspeksiyon alinsunod sa NRS 645B.090 hanggang sa matapos ang isang panahon na itinakda ng Komisyoner upang matukoy ang anumang mga pagtutol na ginawa ng tagapamagitan sa pagsasangla.

(e) Isagawa ang iba pang mga eksaminasyon, panaka-naka o espesyal na mga pagsusuri, pagsisiyasat at mga pagdinig kung kailangan para sa mahusay na pamamahala ng mga batas ng Estado'ng ito patungkol sa tagapamagitan sa pagsasangla at ahente sa pagsasangla. Ang Komisyoner ay aangkin ng regulasyon na susundin kapag ang isang panaka-naka o espesyal na pagususri ng isang tagapamagitan sa pagsasangla ay isinasagawa alinsunod sa kapitulo'ng ito.

(f) Uriin bilang kumpedensyal ang ilang mga tala at impormasyon na nakuha ng Dibisyon kung ang mga bagay ay nakuha mula sa isang ahensiya ng gobyerno sa mga hayag na kondisyon na ang mga ito ay mananatili'ng lihim. Ang talatang ito ay hindi nililimitahan ang pagsusuri sa pamamagitan ng:

(1) Ang Tagasuri ng Lehislatura; o

(2) Ang Kagawaran ng Pagbubuwis kung kinakailangan upang isagawa ang mga probisyon ng kapitulo 363A ng NRS **[.]** ***o seksyon 3 hanggang 45, magkakasama, ng batas na ito.***

(g) Isagawa ang naturang eksaminasyon at mga pagsisiyasat kung mga kinakailangan upang matiyak na ang tagapamagitan sa pagsasangla at ahente sa pagsasangla ay matutugunan ang mga pangangailangan ng kapitulo'ng ito para sa pagkuha ng lisensya, parehong sa panahon ng aplikasyon para sa isang lisensya at pagkatapos noon sa isang patuloy na batayan.

3. Para sa bawat espesyal na pagsusuri, pagsisiyasat o eksaminasyon, ang isang tagapamagitan sa pagsasangla at ahente sa pagsasangla ay magbabayad ng bayad batay sa mga presyo na itinatag alinsunod sa NRS 645F.280.

4. Ang Komisyoner ay maaari'ng magsagawa ng eksaminasyon ng isang tagapamagitan sa pagsasangla, tulad ng inilarawan sa talata (d) ng subseksyon 2, sa isang dalawa bawa't taon sa halip ng isang taunang batayan kung ang tagapamagitan sa pagsasangla:

(a) Ay nakatanggap ng isang grado sa huling taunang pagsusuri na natugunan ang isang hangganan na tinukoy ng Komisyoner;

(b) Ay hindi nagkaroon ng anumang salungat na pagbabago sa pinansiyal na probisyon magmula noong huling taunang pagsusuri, tulad ng ipinakita sa pamamagitan ng mga pahayag pananalapi ng tagapamagitan sa pagsasangla;

(c) Ay hindi nagkaroon ng anumang mga reklamo na natanggap ng Dibisyon na nagresulta sa anumang administratibo'ng aksyon ng Dibisyon; at

(d) Ay hindi nagpapanatili ng anumang ipinagkatiwala'ng kuwenta alinsunod sa NRS 645B.170 o 645B.175 o nagsagawa ng mga pautang na pinondohan sa pamamagitan ng pribadong kapitalista.

Sec. 60. NRS 645B.670 ay inamyendahan dito upang basahin tulad ng sumusunod:

645B.670 Maliban kung iba ang ibinigay sa NRS 645B.690:

1. Para sa bawa't paglabag na ginawa ng isang aplikante para sa isang lisensya na ibinigay alinsunod sa kapitulo'ng ito, nabigyan man o hindi ng lisensya ang aplikante, ang Komisyoner ay maaari'ng magpataw sa aplikante ng isang administratibo'ng multa na hindi hihigit sa $25,000 kung ang aplikante:

(a) Ay sinadya'ng gumawa o naging sanhi upang gawin ang anumang huwad na representasyon ng materyal na katotohanan sa Komisyoner;

(b) Ay pinigilan o ipinagkait sa Komisyoner ang anumang impormasyon na mayroon ang aplikante at kung saan, kung isinumite ng aplikante, naging dahilan upang maging hindi karapat-dapat ang aplikante na mabigyan ng lisensya alinsunod sa mga probisyon ng kapitulo'ng ito; o

(c) Ay nilabag ang anumang probisyon ng kapitulo'ng ito, ang isang regulasyon na inangkin alinsunod sa kapitulo'ng ito o isang utos ng Komisyoner sa pagkumpleto at paghahain ng kanyang aplikasyon para sa isang lisensya o sa panahon ng kurso ng isang pagsisiyasat ng kanyang aplikasyon para sa isang lisensya.

2. Para sa bawat paglabag na ginawa ng isang tagapamagitan sa pagsasangla, maaaring magpataw ang Komisyoner sa mga tagapamagitan sa pagsasangla ng isang administratibo'ng multa ng hindi hihigit sa $25,000, maaaring suspendihin, bawiin o patungan ng probisyon ang lisensya ng tagapamagitan sa pagsasangla, o ipataw pareho, kung ang tagapamagitan sa pagsasangla ay umaakto o hindi tulad nang:

(a) Ay bagsak ang negosyo;

(b) Ay talamak na pabaya o walang kakayahan sa pagsasagawa ng anumang gawain kung saan ang tagapamagitan sa pagsasangla ay kailangang maging lisensyado alinsunod sa mga probisyon ng kapitulo'ng ito;

(c) Ay hindi isinasagawa ang kanyang negosyo alinsunod sa batas o ay lumabag sa anumang probisyon ng kapitulo'ng ito, isang regulasyon na inangkin alinsunod sa kapitulo'ng ito o ayon sa utos ng Komisyoner;

(d) Ay nasa isang pinansiyal na kalagayan na ang tagapamagitan sa pagsasangla ay hindi maaaring magpatuloy sa negosyo nang ligtas sa kanyang mga parukyano;

(e) Ay gumawa ng isang materyal na kasinungalingan na may kaugnayan sa anumang transaksiyo'ng nasasaklawan ng kapitulo'ng ito;

(f) Ay itinago o ipinagkait sa isang kliyente ang anumang materyal na mga katotohanan, datos o iba pang impormasyon na may kaugnayan sa anumang transaksyon na pinamamahalaan ng mga probisyon ng kapitulo'ng ito na alam ng tagapamagitan sa pagsasangla o, sa pamamagitan ng paggamit ng mga makatwirang sikap, ay dapat na napag-alaman;

(g) Ay sadyang ginawa o naging sanhi na isagawa sa Komisyoner ang anumang huwad na representasyon ng materyal na katotohanan o ay itinago o ipinagkait mula sa Komisyoner ang anumang impormasyon na nagtataglay ang tagapamagitan sa pagsasangla at kung saan, kung isinumite ng tagapamagitan sa pagsasangla, ay magiging dahilan upang ang tagapamagitan sa pagsasangla ay hindi maging karapat-dapat na bigyan ng lisensya alinsunod sa mga probisyon ng kapitulo'ng ito;

(h) Ay nabigo'ng magbigay-kuwenta sa mga taong interesado para sa lahat ng salapi na natanggap para sa isang ipinagkatiwala'ng kuwenta;

(i) Ay tumanggi'ng pahintulutan ang isang pagsusuri ng Komisyoner sa kanyang mga libro at pamumuhay o ay tumanggi o nabigo, sa loob ng makatwirang panahon, upang ibigay ang anumang impormasyon o gumawa ng anumang mga ulat na maaaring kailanganin ng Komisyoner alinsunod sa mga probisyon ng kapitulo'ng ito o isang regulasyon na inangkin alinsunod sa kapitulo'ng ito;

(j) Ay nahatulan ng, o itinala o sumang-ayon na itala ang pag-amin sa paratang na may kasalanan o nolo contendere sa, isang mabigat na pagkakasala sa isang lokal, banyaga o militar na hukuman sa loob ng 7 taon bago ang petsa ng aplikasyon, o sa anumang oras kung ang nabanggit na isang mabigat na kasalanan ay kasangkot ang gawa'ng pandaraya, panlilinlang o isang paglabag sa pagtitiwala, kahiya-hiyang kasamaan ng pag-uugali o pagpupuslit ng pera.

(k) Ay tumanggi o nabigo'ng bayaran, sa loob ng makatwirang panahon, ang anumang mga bayarin, mga kabayaran, gastos o gastusin na kinakailangan upang bayaran ng tagapamagitan sa pagpapa-utang alinsunod sa kapitulo'ng ito o isang regulasyon na inangkin alinsunod sa kapitulo'ng ito;

(l) Ay nabigo'ng bayaran ang isang paghahabol na ginawa ng isang kliyente kung saan ibinaba ang hatol;

(m) Ay nabigo'ng magbigay-kuwenta para sa o upang ipadala ang anumang pera ng isang kliyente sa loob ng makatwirang panahon pagkatapos ng isang paghiling para sa isang pagkukwenta o pagpapadala;

(n) Ay inihalo ang pera o iba pang mga ari-arian ng isang kliyente sa kanyang sarili o inilipat ang pera o ari-arian ng iba para sa kanyang sariling gamit;

(o) Ay nakibahagi sa anumang iba pang pag-uugali na kinabibilangan ng isang pagsisinungaling, panlilinlang o hindi tapat na pagsasagawa ng negosyo;

(p) Ay paulit-ulit na lumabag sa mga patakaran at pamamaraan ng tagapamagitan sa pagsasangla;

(q) Ay nabigo'ng magsagawa ng mga makatwirang pangangasiwa sa ibabaw ng mga gawain ng isang tagapamagitan sa pagsasangla ayon sa iniatas ng NRS 645B.460;

(r) Ay nag-utos sa isang ahente sa pagsasangla na gumawa ng isang gawain na magiging dahilan para sa pagpapa-walang-bisa ng lisensiya ng tagapamagitan sa pagsasangla, ginawa man o hindi ng ahente sa pagsasangla ang kilos;

(s) Ay inupahan ang isang tao bilang isang ahente sa pagsasangla o binigyan ng awtorisasyon ang isang tao na makipag-ugnay sa mga tagapamagitan sa pagsasangla bilang isang ahente sa pagsasangla sa isang pagkakataon na alam ng tagapamagitan sa pagsasangla, o sa liwanag ng lahat ng mga nakapalibot na mga katotohanan at mga pangyayari, ay makatwirang dapat na napag-alaman na ang tao:

(1) Ay nahatulan ng, o itinala o sumang-ayon na itala ang pag-amin sa paratang na may kasalanan o nolo contendere sa, isang mabigat na pagkakasala sa isang lokal, banyaga o militar na hukuman sa loob ng 7 taon bago ang petsa ng aplikasyon, o sa anumang oras kung ang nabanggit na isang mabigat na kasalanan ay kasangkot ang gawa'ng pandaraya, panlilinlang o isang paglabag ng pagtitiwala, kahiya-hiyang kasamaan ng pag-uugali o pagpupuslit ng pera; o

(2) Na ang rehistro ng lisensya o bilang isang ahente sa pagsasangla, bangkero sa pagsasangla, tagapamagitan sa pagsasangla o taga-likha ng utang pang-tahanan ay binawi sa Estado'ng ito o anumang iba pang may sakop na kapangyarihan o nagkaroon o binawi ang lisensya sa pagseserbisyo pampinansyal o rehistro ay binawi sa loob sinunda'ng 10 taon;

(t) Ay lumabag NRS 645C.557; o

(u) Ay nabigo'ng magbayad ng buwis tulad ng kinakailangan alinsunod sa probisyon ng kapitulo 363A ng NRS **[.]** ***o seksyon 3 hanggang 45, magkakasama, ng batas na ito.***

3. Para sa bawat paglabag na ginawa ng isang tagapamagitan sa pagsasangla, maaaring magpataw ang Komisyoner sa mga tagapamagitan sa pagsasangla ng isang administratibo'ng multa ng hindi hihigit sa $25,000,

maaaring suspendihin, bawiin o patungan ng probisyon ang lisensya ng tagapamagitan sa pagsasangla, o ipataw pareho, kung ang tagapamagitan sa pagsasangla ay umaakto bilang isa:

(a) Ay talamak na pabaya o walang kakayahan sa pagsasagawa ng anumang gawain kung saan ang tagapamagitan sa pagsasangla ay kailangang maging lisensyado alinsunod sa mga probisyon ng kapitulo'ng ito;

(b) Ay ginawa ang isang materyal na kasinungalingan na may kaugnayan sa anumang transaksiyo'ng nasasaklawan ng kapitulo'ng ito;

(c) Ay itinago o ipinagkait sa isang kliyente ang anumang materyal na mga katotohanan, datos o iba pang impormasyon na may kaugnayan sa anumang transaksyon na pinamamahalaan ng mga probisyon ng kapitulo'ng ito na alam ng tagapamagitan sa pagsasangla o, sa pamamagitan ng paggamit ng mga makatwirang sikap, ay dapat na napag-alaman;

(d) Ay sadyang ginawa o naging sanhi na isagawa sa Komisyoner ang anumang huwad na representasyon ng materyal na katotohanan o ay itinago o ipinagkait mula sa Komisyoner ang anumang impormasyon na nagtataglay ang tagapamagitan sa pagsasangla at kung saan, kung isinumite ng tagapamagitan sa pagsasangla, ay magdulot sa tagapamagitan sa pagsasangla upang hindi maging karapat-dapat na bigyan ng lisensya alinsunod sa mga probisyon ng kapitulo'ng ito;

(e) Ay nahatulan ng, o itinala o sumang-ayon na itala ang pag-amin sa paratang na may kasalanan o nolo contendere sa, isang mabigat na pagkakasala sa isang lokal, banyaga o militar na hukuman sa loob ng 7 taon bago ang petsa ng aplikasyon, o sa anumang oras kung ang nabanggit na isang mabigat na kasalanan ay kasangkot ang gawa'ng pandaraya, panlilinlang o isang paglabag ng pagtitiwala, kahiya-hiyang kasamaan ng pag-uugali o pagpupuslit ng pera.

(f) Ay nabigo'ng magbigay-kuwenta para sa o upang ipadala ang anumang pera ng isang kliyente sa loob ng makatwirang panahon pagkatapos ng isang paghiling para sa isang pagkukwenta o pagpapadala;

(g) Ay inihalo ang pera o iba pang mga ari-arian ng isang kliyente sa kanyang sarili o inilipat ang pera o ari-arian ng iba para sa kanyang sariling gamit;

(h) Ay nakibahagi sa anumang iba pang pag-uugali na kinabibilangan ng isang pagsisinungaling, panlilinlang o hindi tapat na pagsasagawa ng negosyo;

(i) Ay nilabag ang NRS 645C.557;

(j) Ay paulit-ulit na lumabag sa mga patakaran at pamamaraan ng tagapamagitan sa pagsasangla kung kangino ang ahente sa pagsasangla ay may kaugnayan o sa pamamagitan kung kangino siya ay nagtatrabaho; o

(k) Ay nilabag ang anumang probisyon ng kapitulo'ng ito, isang regulasyon na inangkin alinsunod sa kapitulo'ng ito o kautusan ng Komisyoner o ay tinulungan o inalok na tulungan ang ibang tao na gumawa ng isang paglabag.

Sec. 61. NRS 645E.300 ay inamyendahan dito upang basahin tulad ng sumusunod:

645E.300 1. Sumasailalim sa administratibo'ng pamamahala ng Direktor ng Kagawaran ng Negosyo at Industriya, ang Komisyoner ay ipapatupad ang pangkalahatang pangangasiwa at pamamahala sa bangkero sa pagsasangla na nagsasagawa ng negosyo sa Estado'ng ito.

2. Bilang karagdagan sa iba pang mga tungkulin na ipinataw sa kanya sa pamamagitan ng batas, ang Komisyoner ay:

(a) Mag-aangkin ng regulasyon na magsisimula ng makatwirang limitasyon at mga alituntunin sa mga pautang na ginawa ng isang bangkero sa pagsasangla sa isang direktor, opisyal o empleyado ng bangkero sa pagsasangla.

(b) Mag-angkin ng anumang iba pang mga regulasyon na kinakailangan upang isagawa ang mga probisyon ng kapitulo'ng ito maliban sa mga bayarin sa pamamagitan sa pagsasangla.

(c) Magsagawa ng naturang pagsisiyasat tulad nang maaaring kailangan upang matukoy kung ang sinumang tao ay lumabag sa anumang probisyon ng kapitulo'ng ito, isang regulasyon na inangkin alinsunod sa mga kapitulo'ng ito o isang utos ng Komisyoner.

(d) Maliban kung iba ang ibinigay sa subseksiyon 4, magsagawa ng isang taunang pagsusuri sa bawat bangkero sa pagsasangla na nagnenegosyo sa Estado'ng ito.

(e) Isagawa ang iba pang mga eksaminasyon, panaka-naka o espesyal na mga pagsusuri, pagsisiyasat at mga pagdinig kung kailangan para sa mahusay na pamamahala ng mga batas ng Estado'ng ito patungkol bangkero sa pagsasangla.

(f) Uriin bilang kumpedensyal ang ilang mga tala at impormasyon na nakuha ng Dibisyon kung ang mga bagay ay nakuha mula sa isang ahensiya ng gobyerno sa mga hayag na kondisyon na ang mga ito ay mananatili'ng lihim. Ang talatang ito ay hindi nililimitahan ang pagsusuri sa pamamagitan ng:

(1) Ang Tagasuri ng Lehislatura; o

(2) Ang Kagawaran ng Pagbubuwis kung kinakailangan upang isagawa ang mga probisyon ng kapitulo 363A ng NRS **[.]** ***o seksyon 3 hanggang 45, magkakasama, ng batas na ito.***

(g) Isagawa ang iba pang mga eksaminasyon at pagsisiyasat na kinakailangan upang matiyak na ang bangkero sa pagsasangla ay matugunan ang mga pangangailangan ng kapitulo'ng ito para sa pagkuha ng lisensya, sa parehong panahon ng aplikasyon para sa isang lisensya at pagkatapos noon sa isang patuloy na batayan.

3. Para sa bawat espesyal na pagtutuos, pagsisiyasat o pagsusuri, ang isang bangkero sa pagpapa-utang ay dapat magbayad ng isang kabayaran batay sa mga presyo na itinatag alinsunod sa NRS 645F.280.

4. Ang Komisyoner ay maaaring magsagawa ng dalawa bawa't tao'ng eksaminasyon sa isang bangkero sa pagpapa-utang sa halip na taunang pagsusuri, tulad ng inilarawan sa talata (d) ng subseksyon 2 kung ang bangkero sa pagsasangla:

(a) Ay nakatanggap ng isang grado sa huling taunang pagsusuri na natugunan ang isang hangganan na tinukoy ng Komisyoner;

(b) Ay hindi nagkaroon ng anumang salungat na pagbabago sa pinansiyal na probisyon magmula noong

huling taunang pagsusuri, tulad ng ipinakikita sa pamamagitan ng mga pahayag pananalapi ng bangkero sa pagsasangla;

(c) Ay hindi nagkaroon ng anumang mga reklamo na natanggap ng Dibisyon na nagresulta sa anumang administratibo'ng aksyon ng Dibisyon.

Sec. 62. NRS 645E.670 ay inamyendahan dito upang basahin tulad ng sumusunod:

645E.670 1 Para sa bawa't paglabag na ginawa ng isang aplikante, binigyan man o hindi ng lisensya ang aplikante, maaaring magpataw ang Komisyoner sa mga aplikante ng isang administratibo'ng multa ng hindi hihigit sa $25,000 kung ang aplikante:

(a) Ay sadyang gumawa o naging sanhi upang gawin ang anumang huwad na representasyon ng materyal na katotohanan sa Komisyoner;

(b) Ay pinigilan o ipinagkait sa Komisyoner ang anumang impormasyon na mayroon ang aplikante at kung saan, kung isinumite ng aplikante, naging dahilan upang maging hindi karapat-dapat ang aplikante na mabigyan ng lisensya alinsunod sa mga probisyon ng kapitulo'ng ito; o

(c) Ay nilabag ang anumang probisyon ng kapitulo'ng ito, ang isang regulasyon na inangkin alinsunod sa kapitulo'ng ito o isang utos ng Komisyoner sa pagkumpleto at paghahain ng kanyang aplikasyon para sa isang lisensya o sa panahon ng kurso ng isang pagsisiyasat ng kanyang aplikasyon para sa isang lisensya

2. Para sa bawat paglabag na ginawa ng isang binigyan ng lisensiya, maaaring magpataw ang Komisyoner sa mga binigyan lisensiya ng isang administratibo'ng multa ng hindi hihigit sa $25,000, maaaring suspendihin, bawiin o patungan ng probisyon ang lisensya, o ipataw pareho, kung ang binigyan lisensiya ay umaakto o hindi katulad nang:

(a) Ay bagsak ang negosyo;

(b) Ay talamak na pabaya o walang kakayahan sa pagsasagawa ng anumang gawain kung saan ang lisensyado ay kailangang magkaroon ng lisensya alinsunod sa mga probisyon ng kapitulo'ng ito;

(c) Ay hindi isinasagawa ang kanyang negosyo alinsunod sa batas o ay lumabag sa anumang probisyon ng kapitulo'ng ito, isang regulasyon na inangkin alinsunod sa kapitulo'ng ito o ayon sa utos ng Komisyoner;

(d) Ay nasa isang pinansiyal na kalagayan na ang lisensyado ay hindi maaaring magpatuloy sa negosyo nang ligtas sa kanyang mga parukyano;

(e) Ay gumawa ng isang materyal na kasinungalingan na may kaugnayan sa anumang transaksiyo'ng nasasaklawan ng kapitulo'ng ito;

(f) Ay itinago o ipinagkait sa isang kliyente ang anumang materyal na mga katotohanan, datos o iba pang impormasyon na may kaugnayan sa anumang transaksyon na pinamamahalaan ng mga probisyon ng kapitulo'ng ito na alam ng lisensyado o, sa pamamagitan ng paggamit ng mga makatwirang sikap, ay dapat na napag-alaman;

(g) Ay sadyang ginawa o naging sanhi na isagawa sa Komisyoner ang anumang huwad na representasyon ng materyal na katotohanan o ay itinago o ipinagkait mula sa Komisyoner ang anumang impormasyon na nagtataglay ang lisensyado at kung saan, kung isinumite ng lisensyado, ay magiging dahilan upang ang lisensyado ay hindi maging karapat-dapat na bigyan lisensya alinsunod sa mga probisyon ng kapitulo'ng ito;

(h) Ay nabigo'ng magbigay-kuwenta sa mga taong interesado para sa lahat ng salapi na natanggap para sa isang ipinagkatiwala'ng kuwenta;

(i) Ay tumanggi'ng pahintulutan ang isang pagsusuri ng Komisyoner sa kanyang mga libro at pamumuhay o ay tumanggi o nabigo, sa loob ng makatwirang panahon, upang ibigay ang anumang impormasyon o gumawa ng anumang mga ulat na maaaring kailanganin ng Komisyoner alinsunod sa mga probisyon ng kapitulo'ng ito o isang regulasyon na inangkin alinsunod sa kapitulo'ng ito;

(j) Ay nahatulan ng, o itinala o sumang-ayon na itala ang pag-amin sa paratang na may kasalanan o nolo contendere sa, isang mabigat na pagkakasala sa isang lokal, banyaga o militar na hukuman sa loob ng 7 taon bago ang petsa ng aplikasyon, o sa anumang oras kung ang nabanggit na isang mabigat na kasalanan ay kasangkot ang gawa'ng pandaraya, panlilinlang o isang paglabag ng pagtitiwala, kahiya-hiyang kasamaan ng pag-uugali o pagpupuslit ng pera.

(k) Ay tumanggi o nabigo'ng bayaran, sa loob ng makatwirang panahon, ang anumang mga bayarin, mga kabayaran, gastos o gastusin na kinakailanga'ng bayaran ng lisensyado alinsunod sa kapitulo'ng ito o isang regulasyon na inangkin alinsunod sa kapitulo'ng ito;

(l) Ay nabigo'ng magbayad ng buwis tulad ng kinakailangan alinsunod sa probisyon ng kapitulo 363A ng NRS **[.]** ***o seksyon 3 hanggang 45, magkakasama, ng batas na ito.***

(m) Ay nabigo'ng bayaran ang isang paghahabol na ginawa ng isang kliyente kung saan ibinaba ang hatol;

(n) Ay nabigo'ng magbigay-kuwenta para sa o upang ipadala ang anumang pera ng isang kliyente sa loob ng makatwirang panahon pagkatapos ng isang paghiling para sa isang pagkukwenta o pagpapadala;

(o) Ay nilabag ang NRS 645C.557;

(p) Ay inihalo ang pera o iba pang mga ari-arian ng isang kliyente sa kanyang sarili o inilipat ang pera o ari-arian ng iba para sa kanyang sariling gamit;

(q) Ay nakibahagi sa anumang iba pang pag-uugali na kinabibilangan ng isang pagsisinungaling, panlilinlang o hindi tapat na pagsasagawa ng negosyo.

3. Isang kautusan na nagpapatong ng disiplina at mga napag-alama'ng katotohanan at konklusyon ng batas na sumusuporta sa utos ay mga pampublikong talaan.

Sec. 63. NRS 658.151 ay inamyendahan dito upang basahin tulad ng sumusunod:

658.151 1 Ang Komisyoner ay maaaring kara-karaka'ng kunin ang mga negosyo at ari-arian ng anumang institusyon ng depositoryo kung saan ang titulo'ng ito o titulo 56 ng NRS ay nalalapat kung lumilitaw

na ang institusyon ng depositoryo:

(a) Ay nilabag ang kapangyarihan o anumang mga batas na ipinatutupad at naaangkop dito.
(b) Ay nagsasagawa ng negosyo nito sa isang hindi awtorisado o hindi ligtas na paraan.
(c) Ay nasa isang mapanganib o hindi tama'ng kondisyon upang mangasiwa ng negosyo nito.
(d) Mayroong isang pinsala ng mga kasapi sa pamumuhunan nito o pagmamay-ari ng miyembro.
(e) Ay tumanggi'ng bayaran ang mga depositor nito alinsunod sa mga tuntunin kung paano'ng ang mga deposito ay natanggap, o ay tumanggi'ng bayaran nito ng mga may hawak ng sertipiko ng pagkakautang o pamumuhunan alinsunod sa mga tuntunin kung saan ang mga sertipiko ng pagkakautang o pamumuhunan ay naibenta.
(f) Ay naging o ay nasa malapit na panganib ng kung hindi man ay pagbagsak ng negosyo.
(g) Ay napabayaan o tumanggi'ng sumunod sa mga tuntunin ng isang makatarunga'ng utos ng Komisyoner.
(h) Ay tumanggi, matapos ang nararapat na pagmamando, na isumite ang mga tala nito, mga gawain at mga pagmamalasakit para sa inspeksyon at pagsusuri ng isang itinalaga o awtorisado'ng tagasuri ng Komisyoner.
(i) Ay gumawa ng isang kusa'ng-loob na pagtatalaga ng mga ari-arian nito sa mga katiwala.
(j) Ay nabigo'ng magbayad ng buwis tulad ng kinakailangan alinsunod sa probisyon ng kapitulo 363A ng NRS **[.]** ***o seksyon 3 hanggang 45, magkakasama, ng batas na ito.***

2. Ang Komisyoner ay maaaring kara-karaka'ng kunin ang mga negosyo at ari-arian ng anumang institusyon ng depositoryo kung saan ang titulo'ng ito o titulo 56 ng NRS ay nalalapat kung lumilitaw na ang institusyon ng depositoryo ay tumanggi'ng masuri matapos ang panunumpa tungkol sa kaniya'ng pamumuhay.

Sec. 64. NRS 665.133 ay inamyendahan dito upang basahin tulad ng sumusunod:

665.133 1 Ang mga tala at impormasyon na inilarawan sa NRS 665.130 ay maaaring isiwalat sa:
(a) Isang ahensiya ng Gobyerno Pederal o ng isa pang estado na namamahala sa institusyo'ng pampinansyal kung saan ay siya'ng paksa ng mga tala o impormasyon;
(b) Direktor ng Kagawaran ng Negosyo at Industriya para sa lihim na gamit ng Direktor;
(c) Lupon ng Pananalapi ng Estado para sa lihim na gamit nito, kung ang ulat o iba pang impormasyon ay kinakailangan para sa Lupon ng Pananalapi ng Estado upang isagawa ang tungkulin sa ilalim ng titulo'ng ito;
(d) Ang Kagawaran ng Pagbubuwis para sa gamit nito sa pagsasagawa ng mga probisyon ng kapitulo 363A ng NRS **[;]** ***at mga seksyon 3 hanggang 45, magkakasama, ng batas na ito;***
(e) Ang isang sangay kung saan isiniseguro o ginagarantiyahan ang mga deposito;
(f) Ang pampublikong opisyal na awtorisado upang siyasatin ang mga kriminal na sumbong na may kaugnayan sa kapakanan ng depositoryo ng institusyon;
(g) Ang isang taong paghahanda ng isang panukala upang pagsamahin ang o sa pagkuha ng isang institusyon o punong kompanya, ngunit pagkatapos lamang na ang paunawa ng pagsisiwalat ay ibinibigay sa institusyon o puno'ng kompanya;
(h) Ang sinumang tao kung kangino ang paksa ng ulat ay binigyan awtorisasyon ang pagbubunyag;
(i) Sinumang ibang tao kung tinukoy ng Komisyoner, matapos ang paunawa at pagkakataon para sa pagdinig, ang pagbubunyag ay nasa kapakanan ng publiko at mas malaki ang potensyal ng pinsala sa mga institusyon depositoryo at mga kasapi sa pamumuhunan nito, mga kasapi, mga depositor at pinagkakautangan; at
(j) Ang anumang hukuman sa isang paglilitis na pinasimulan ng Komisyoner tungkol sa institusyon ng pananalapi.

2. Ang lahat ng mga ulat na ginawa'ng magagamit alinsunod sa seksyo'ng ito ay mananatili'ng ari-arian ng Dibisyon ng Institusyon, ng Pananalapi at walang tao, ahensiya o awtoridad kung kangino ang mga ulat ay ginawa upang magamit, o anumang mga opisyal, direktor o empleyado nito, ang maaaring ibunyag ang alinman sa mga ulat o anumang impormasyon na nakapaloob doon, maliban sa nakalathala'ng pang- istatistika'ng materyal na hindi nagbubunyag ng mga nangyayari sa anumang mga natural na tao o korporasyon.

Sec. 65. NRS 669.275 ay inamyendahan dito upang basahin tulad ng sumusunod:

669.275 1. Ang Komisyoner ay maaaring hingan ang isang lisensyado upang magbigay ng isang tinuos na paglalahad ng pananalapi na inihanda ng isang malaya'ng sertipikado'ng pampublikong tagatuos na lisensyado upang magsagawa ng negosyo sa Estado.

2. Sa ika-apat na Lunes ng Enero ng bawa't taon, ang bawa't isa'ng lisensyado ay magsusumite sa Komisyoner ng listahan ng mga kasapi sa pamumuhunan na hinihingi'ng panatiliin alinsunod sa talata (c) ng subseksiyon 1 ng NRS 78.105 o ang listahan ng mga miyembro na kinakailanga'ng panatiliin alinsunod sa (a) talata ng subseksiyon 1 ng NRS 86.241, na pinatotohanan ng pangulo o isang tagapamahala, tulad ng naaangkop.

3. Ang listahan ng mga miyembro na kinakailanga'ng panatiliin alinsunod sa (a) talata ng subseksyon 1 ng NRS 86.241 ay kailanga'ng kasama ang porsyento ng puhunan ng bawat kasapi sa kompanya, na karagdagan sa mga hinihingi na itinakda sa seksyon na iyon.

4. Maliban kung iba ang ibinigay sa NRS 239.0115, anumang dokumento na isinumite alinsunod sa seksyo'ng ito ay kumpedensyal. ***Ang Subseksyon na ito ay hindi nililimitahan ang pagsusuri ng Kagawaran ng Pagbubuwis sa anumang mga dokumento kung kinakailangan upang isagawa ang mga probisyon ng seksyon 3 hanggang 45, magkakasama, ng kapitulo'ng ito.***

Sec. 66. NRS 669.2825 ay inamyendahan dito upang basahin tulad ng sumusunod:

669.2825 1. Ang Komisyoner ay maaaring simulan ang isang aksyon pandisiplina o kagyat simulan ang paglilitis upang kunin ang negosyo at ari-arian ng anumang tingia'ng kompanya kung lumilitaw na ang

pinagtiwalaa'ng tingia'ng kompanya:

(a) Ay nilabag ang prebilehiyo nito o anumang mga batas ng estado o pederal na naaangkop sa mga negosyo ng isang pinagtiwalaa'ng kompanya.

(b) Ay nagsasagawa ng negosyo nito sa isang hindi awtorisado o hindi ligtas na paraan.

(c) Sa isang hindi ligtas o hindi batay sa katotohanan ang kondisyon upang mangasiwa ng negosyo nito.

(d) Mayroong isang pinsala sa pagmamay-ari ng mga kasapi sa pamumuhunan nito.

(e) Ay tumanggi'ng bayaran o maglipat ng kuwenta ng mga ari-arian sa mga may kuwenta nito tulad ng kinakailangan sa mga tuntunin ng pamamahala ng mga nagpapalakad na instrumento ng kuwenta.

(f) Ay bumagsak ang negosyo.

(g) Ay napabayaan o tumanggi'ng sumunod sa mga tuntunin ng isang makatarunga'ng utos ng Komisyoner.

(h) Ay tumanggi, matapos ang nararapat na pagmamando, na isumite ang mga tala nito, mga gawain at mga pag-aalala para sa inspeksyon at pagsusuri ng isang itinalaga o awtorisado'ng tagasuri ng Komisyoner.

(i) Ay gumawa ng isang kusa'ng-loob na pagtatalaga ng mga ari-arian nito sa isang tagatanggap, koserbator, katiwala o pinagkakautangan ng hindi sumusunod sa NRS 669.230.

(j) Ay nabigo'ng magbayad ng buwis tulad ng kinakailangan alinsunod sa probisyon ng kapitulo 363A ng NRS **[.]** ***o seksyon 3 hanggang 45, magkakasama, ng batas na ito.***

(k) Ay malaki at kusa'ng-loob na nilabag ang tungkulin nito sa pagtitiwala ng mga parokyano.

(l) Ay nabigo'ng ibunyag ng maayos ang lahat ng mga bayarin, interes at iba pang mga singil sa mga parokyano nito.

(m) Ay kusa'ng-loob na nakikibahagi sa malaki'ng salungatan ng interes patungkol sa isang kuwenta ng parukyano.

(n). Ay sinadya'ng gumawa ng malaki'ng kasinungalingan hinggil sa anumang aspeto ng mga serbisyo na ginanap o ipinanukala upang maisagawa ng pinagtiwalaa'ng tingia'ng kompanya.

2. Ang Komisyoner ay maaaring kara-karaka'ng simulan ang paglilitis upang kunin ang negosyo at mga ari-arian ng anumang pinagtiwalaa'ng kompanya kung lumilitaw na ang mga opisyal ng pinagtiwalaa'ng kompanya ay tumanggi'ng ipasuri matapos ang panunumpa tungkol sa kaniya'ng kabuhayan.

Sec. 67. NRS 669.2847 ay inamyendahan dito upang basahin tulad ng sumusunod:

669.2847 1. Kung ang Commissioner ay may dahilan upang maniwala na may dahilan para sa pagpapa-walang-bisa o suspensyon ng isang umiiral na lisensya, ang Komisyoner sa loob ng 20 araw ay magbibigay ng nakasulat na abiso na nagsasaad ng pinag-iisipa'ng pagkilos at, sa pangkalahatan, ang mga batayan tungkol dito at itakda ang petsa para sa isang pagdinig.

2. Sa konklusyon ng isang pagdinig, ang Komisyoner ay:

(a) Magtatala ng isang nakasulat na kautusan ng pagpapa-walang-saysay sa mga sumbong, pagbawi ng lisensya o pagsususpindi ng lisensya para sa isang panahon na hindi hihigit sa 60 araw, kung saan ay isasama ang panahon ng anumang mga naunang mga pansamantalang suspensyon. Ang Komisyoner ay kailanga'ng magpadala ng isang kopya ng kautusan sa lisensyado sa pamamagitan ng rehistrado o sertipikado'ng koreo.

(b) Magpataw sa lisensyado ng isang administratibo'ng multa ng hindi hihigit sa $ 10,000 para sa bawa't paglabag ng lisensya ng anumang probisyon ng kapitulo'ng ito o anumang regulasyon na inangkin batay roon.

(c) Kung ang isang multa ay ipinataw alinsunod sa seksyo'ng ito, itala ang naturang utos kung kinakailangan upang mabawi ang mga gastos ng paglilitis, kabilang ang gastos sa imbestigasyon at bayad sa abogado.

3. Ang mga dahilan para sa pagpapa-walang-bisa o suspensyon ng isang lisensya ay:

(a) Ang lisensyado ay nabigo'ng bayaran ang taunang bayad sa lisensya;

(b) Ang lisensyado, alinman kung sadya o sa kapabayaan upang maiwasan ito, ay nilabag ang anumang probisyon ng kapitulo'ng ito o anumang naaayon sa batas na regulasyo'ng inangkin alinsunod dito o anumang naaayon sa batas na kautusan ng Dibisyon ng Institusyon ng Pananalapi;

(c) Ang lisensyado ay hindi nakapagbayad ng buwis tulad ng kinakailangan alinsunod sa probisyon ng kapitulo 363A ng NRS **[;]** ***o seksyon 3 hanggang 45, magkakasama, ng batas na ito;***

(d) Anumang katotohanan o kondisyo'ng umiiral na magbibigay-katarungan sa pagtanggi ng Komisyoner sa orihinal na kahilingan na bigyan ng lisensya alinsunod sa mga probisyon ng kapitulo'ng ito; o

(e) Ang lisensyado:

(1) Ay nabigo'ng buksan ang isang tanggapan para sa pamamahala ng negosyo'ng pinahintulutan ng kanyang lisensya sa loob ng 180 araw pagkatapos ng petsa na ang lisensya ay ibigay; o

(2) Ay hindi nanatili'ng bukas para sa pangangasiwa ng negosyo sa loob ng 180 araw na walang magandang dahilan para dito.

4. Ang isang utos ng pagsususpindi o pagpapa-walang-bisa ng lisensya ay magiging epektibo 5 araw matapos ipasok maliban kung ang tinutukoy ng kautusan kung hindi man o isang pagpapa-tigil ay ibinibigay.

Sec. 68. NRS 669.285 ay inamyendahan dito upang basahin tulad ng sumusunod:

669.285 Maliban kung iba ang ibinigay sa NRS 239.ang anumang kahilingan at personal o pampinansyal na tala'ng isinumite ng isang tao alinsunod sa mga probisyon ng kapitulo'ng ito at anumang personal o pampinansyal na mga tala o iba pang mga dokumento na nakuha ng Dibisyon ng Institusyon ng Pananalapi alinsunod sa isang pagsusuri o pag-tutuos na isinagawa ng Dibisyon ay lihim at maaari lamang isiwalat sa:

1. Dibisyon, sinumang mga awtorisadong empleyado ng Dibisyon at anumang ahensiya ng estado o pederal na nagsisiyasat sa mga gawai'ng sakop sa ilalim ng mga probisyon ng kapitulo'ng ito.; **~~[at]~~**

2. Kagawaran ng Pagbubuwis para sa gamit nito sa pagsasagawa ng mga probisyon ng seksyon 3 45, magkakasama, ng kapitulo'ng ito.; at

3. Sinumang tao kapag ang Komisyoner, sa pagpapasya ng Komisyoner, ay natukoy na ang kapakanan ng publiko na maaaring maprotektahan ng pagbubunyag at mas malalamangan ang kapakanan ng sinumang tao na nasa lihim na impormasyon na hindi isinisiwalat.

Sec. 69. NRS 669A.310 ay inamyendahan dito upang basahin tulad ng sumusunod:

669A.310 1. Maliban kung iba ang ibinigay sa seksyon na ito, ang anumang kahilingan at personal o pampinansyal na tala'ng isinumite ng isang tao alinsunod sa mga probisyon ng kapitulo'ng ito, anumang personal o pampinansyal na mga tala o iba pang mga dokumento na nakuha ng Dibisyon ng Institusyon ng Pananalapi alinsunod sa isang pagsusuri o pag-tutuos na isinagawa ng Dibisyon alinsunod sa kapitulo'ng ito at o iba pang pribado'ng impormasyon na may kinalaman sa isang ipinagkatiwala'ng kompanya ng pamilya ay lihim at maaari lamang isiwalat sa:

(a) Dibisyon, sinumang mga awtorisadong empleyado ng Dibisyon at anumang ahensiya ng estado o pederal na nagsisiyasat sa mga gawai'ng sakop sa ilalim ng mga probisyon ng kapitulo'ng ito.; **~~[at]~~**

(b)Kagawaran ng Pagbubuwis para sa gamit nito sa pagsasagawa ng mga probisyon ng seksyon 3 45, magkakasama, ng kapitulo'ng ito.; at

(c) Sinumang ibang tao kapag ang Komisyoner, sa pagpapasya ng Komisyoner, ay natukoy na ang kapakanan ng publiko sa pagbubunyag ng mga impormasyon ay malalamangan ang kapakanan ng sinumang tao kung kangino ang impormasyon ay nauukol kung hindi isisiwalat ang impormasyon.

2. Ang Commissioner ay magbibigay sa mga ipinagkatiwala'ng kompanya ng pamilya kung saan ang impormasyon ay nauugnay sa paunang 10 araw na nakasulat na abiso ng layunin na ibunyag ang lihim na impormasyon na direkta o hindi direkta sa isang tao alinsunod sa talata [(b)] (c) ng subseksiyon 1. Ang sinumang ipinagkatiwala'ng kompanya ng pamilya na nakatanggap ng naturang abiso ay maaaring tutulan ang pagsisiwalat ng lihim na impormasyon at ay bibigyan ng karapatan alinsunod sa mga probisyon ng kapitulo 233B ng NRS sa isang pagdinig. Kung ang ipinagkatiwala'ng kompanya ng pamilya ay humiling ng isang pagdinig, maaaring hindi ipakita ng Komisyoner ang lihim na impormasyon bago ang pagtatapos ng pagdinig at isang kapasyahan. Bago ang pagbubunyag ng anumang lihim na impormasyon, ang Komisyoner ay mangangailangan ng isang nakasulat na kasunduan na hindi ipamamalita ng mga partido'ng tatanggap ng lihim na impormasyon ang mga lihim na impormasyon. Hindi kailanman ibubunyag ng Komisyoner ang lihim na impormasyon sa pangkalahatang publiko, sinumang kakumpitensya o anumang mga potensyal na kakumpitensya ng isang ipinagkatiwala'ng kompanya ng pamilya.

3. Wala'ng inilaan sa kapitulo'ng ito upang hadlangan ang isang opisyal sa pagpapatupad ng batas mula sa pagkakaroon ng daan sa kung hindi man ay lihim na mga tala sa pamamagitan ng subpena, utos ng hukuman, mandamyento sa paghahalughog o iba pang mga legal na paraan. Sa kabila ng anumang iba pang probisyon ng kapitulo'ng ito, ang Komisyoner ay magkakaroon ng kakayahan upang ibahagi ang impormasyon sa iba pang mga nasa labas ng estado o pederal na nangangasiwa kung kangino ang Kagawaran ng Negosyo at Industriya ay may isang kasunduan hinggil sa pagbabahagi ng impormasyon. Wala sa kapitulo'ng ito ang naglalaan upang hadlangan ang anumang ahensiya ng Estado'ng ito mula sa pagkakaroon ng daan sa kung hindi man ay lihim na talaan alinsunod sa anumang naaangkop na batas.

Sec. 70. NRS 673.484 ay inamyendahan dito upang basahin tulad ng sumusunod:

673.484 Ang Komisyoner ay maaari'ng isuspinde o bawiin pagkatapos ng abiso at pagdinig ang prebilehiyo ng anumang asosasyon dahil sa:

1. Paulit-ulit na hindi pagsunod sa mga probisyon ng kapitulo'ng ito o mga regulasyon na inangkin sa ilalim nito.

2. Hindi pagbabayad ng buwis tulad ng kinakailangan alinsunod sa probisyon ng kapitulo 363A ng NRS **[.]** ***o seksyon 3 hanggang 45, magkakasama, ng batas na ito.***

Sec. 71. NRS 675.440 ay inamyendahan dito upang basahin tulad ng sumusunod:

675.440 1. Kung ang Commissioner ay may dahilan upang maniwala na may dahilan para sa pagpapa-walang-bisa o suspensyon ng isang umiiral na lisensya, ang Komisyoner sa loob ng 20 araw ay magbibigay ng nakasulat na abiso na nagsasaad ng pinag-iisipa'ng pagkilos at, sa pangkalahatan, ang mga batayan tungkol dito at itakda ang petsa para sa isang pagdinig.

2. . Sa konklusyon ng isang pagdinig, ang Komisyoner ay:

(a) Magtatala ng isang nakasulat na kautusan alinman sa pagpapa-walang-saysay sa mga sumbong, pagbawi ng lisensya o pagsususpindi ng lisensya para sa isang panahon na hindi hihigit sa 60 araw, kung saan ay isasama ang panahon ng anumang mga naunang mga pansamantalang suspensyon. Ang kopya ng kautusan ay kailanga'ng ipadala sa lisensyado sa pamamagitan ng rehistrado o sertipikado'ng koreo.

(b) Magpataw sa lisensyado ng isang administratibo'ng multa ng hindi hihigit sa $ 10,000 para sa bawa't paglabag ng lisensya ng anumang probisyon ng kapitulo'ng ito o anumang regulasyon na inangkin sa alinsunod dito.

(c) Kung ang isang multa ay ipinataw alinsunod sa seksyo'ng ito, itala ang naturang utos kung kinakailangan upang mabawi ang mga gastos ng paglilitis, kabilang ang gastos sa imbestigasyon at bayad sa abogado.

3. Ang dahilan para sa pagpapa-walang-bisa o suspensyon ng isang lisensya ay:

(a)Ang lisensyado ay hindi nagbayad ng tauna'ng bayad sa lisensya.

(b) Ang lisensyado, alinman kung sinadya o sa kapabayaan upang maiwasan ito, ay nilabag ang anumang probisyon ng kapitulo'ng ito o anumang naaayon sa batas na inangkin alinsunod dito;

(c). Ang lisensyado ay hindi nagbayad ng buwis tulad ng kinakailangan alinsunod sa probisyon ng

kapitulo 363A ng NRS **[.]** ***o seksyon 3 hanggang 45, magkakasama, ng batas na ito.***

(d) Anumang katotohanan o kondisyo'ng umiiral na magbibigay-katarungan sa pagtanggi ng Komisyoner sa orihinal na kahilingan na bigyan ng lisensya alinsunod dito; o

(e) Ang aplikante ay nabigo'ng buksan ang isang tanggapan para sa pamamahala ng negosyo'ng pinahintulutan sa ilalim ng kapitulo'ng ito sa loob ng 120 araw matapos na ipalabas ang lisensya o hindi nanatili'ng bukas para sa pamamahala ng negosyo sa loob ng 120 araw nang walang magandang dahilan para dito.

4. Anumang pagpapa-walang-bisa o suspensyon ay nalalapat lamang sa lisensya na ipinagkaloob sa isang tao para sa partikular na opisina kung saan ang dahilan sa pagpapa-walang-bisa o suspensyon ay umiiral.

5. Ang isang kautusan sa pagsususpindi o pagpapa-walang-bisa ng lisensya ay magiging epektibo 5 araw matapos ipinasok maliban kung ang kautusan ay tinukoy kung hindi man o isang pagpapatigil ay ibinigay.

Sec. 72. NRS 677.510 ay inamyendahan dito upang basahin tulad ng sumusunod:

677.510 1. Kung ang Commissioner ay may dahilan upang maniwala na may dahilan para sa pagpapa-walang-bisa o suspensyon ng isang umiiral na lisensya, ang Komisyoner sa loob ng 20 araw ay magbibigay ng nakasulat na abiso na nagsasaad na nagsasabi ng pinag-iisipa'ng pagkilos at, sa pangkalahatan, ang mga batayan ukol dito at itakda ang petsa para sa isang pagdinig.

2. Sa konklusyon ng isang pagdinig, ang Commissioner ay:

(a) Magtatala ng isang nakasulat na kautusan alinman sa pagpapa-walang-saysay sa mga sumbong, pagbawi ng lisensya o pagsususpindi ng lisensya para sa isang panahon na hindi hihigit sa 60 araw, kung saan ay isasama ang panahon ng anumang mga naunang mga pansamantalang suspensyon. Ang kopya ng kautusan ay kailanga'ng ipadala sa lisensyado sa pamamagitan ng rehistrado o sertipikado'ng koreo.

(b) Magpataw sa lisensyado ng isang administratibo'ng multa ng hindi hihigit sa $ 10,000 para sa bawa't paglabag ng lisensya sa anumang probisyon ng kapitulo'ng ito o anumang regulasyon na inangkin alinsunod dito.

(c) Kung ang isang multa ay ipinataw alinsunod sa seksyo'ng ito, itala ang naturang utos kung kinakailangan upang mabawi ang mga gastos ng paglilitis, kabilang ang gastos sa imbestigasyon at bayad sa abogado.

3. Ang dahilan para sa pagpapa-walang-bisa o suspensyon ng isang lisensya ay:

(a) Ang lisensyado ay hindi nagbayad ng tauna'ng bayad sa lisensya.

(b) Ang lisensyado, alinman kung sinadya o sa kapabayaan upang maiwasan ito, ay nilabag ang anumang probisyon ng kapitulo'ng ito o anumang naaayon sa batas na inangkin alinsunod dito;

(c). Ang lisensyado ay hindi nagbayad ng buwis tulad ng kinakailangan alinsunod sa probisyon ng kapitulo 363A ng NRS **[.]** ***o seksyon 3 hanggang 45, magkakasama, ng batas na ito.***

(d) Anumang katotohanan o kondisyo'ng umiiral na magbibigay-katarungan sa pagtanggi ng Komisyoner sa orihinal na kahilingan na bigyan ng lisensya alinsunod dito; o

(e) Ang aplikante ay nabigo'ng buksan ang isang tanggapan para sa pamamahala ng negosyo'ng pinahintulutan sa ilalim ng kapitulo'ng ito sa loob ng 120 araw matapos na ipalabas ang lisensya o hindi nanatili'ng bukas para sa pamamahala ng negosyo sa loob ng 120 araw nang walang magandang dahilan para dito.

4. Anumang pagpapa-walang-bisa o suspensyon ay nalalapat lamang sa lisensya na ipinagkaloob sa isang tao para sa partikular na opisina kung saan ang dahilan sa pagpapa-walang-bisa o suspensyon ay umiiral.

5. Ang isang kautusan sa pagsususpindi o pagpapa-walang-bisa ng lisensya ay magiging epektibo 5 araw matapos ipinasok maliban kung ang kautusan ay tinukoy kung hindi man o isang pagpapatigil ay ibinigay.

Sec. 73. NRS 680B.037 ay inamyendahan dito upang basahin tulad ng sumusunod:

680B.037 **[~~Pagbabayad~~]**

1. Maliban kung iba ang ibinigay sa subseksyon 2, pagbabayad ng isang kompanya'ng nagseseguro ng buwis na ipinataw sa pamamagitan ng NRS 680B.027 ay kapalit ng lahat ng mga buwis na ipinataw ng Estado o anumang lungsod, bayan o probinsiya sa mga buwana'ng hulog o sa kita ng kompanya'ng nagseseguro at ng prangkisa, pribilehiyo o iba pang mga buwis na sinukat sa pamamagitan ng kita ng kompanya'ng nagseseguro.

2. Ang mga probisyon ng subsection 1 ay hindi nalalapat sa mga buwis na ipinataw alinsunod sa mga probisyon ng seksyon 3 hanggang 45, mgakakasama, ng batas na ito.

Sec. 74. NRS 683A.451ay inamyendahan dito upang basahin tulad ng sumusunod:

683A.451 Maaaring tanggihan ng Komisyoner ang magbigay ng lisensya o sertipiko alinsunod sa mga kapitulo'ng ito o maaaring ilagay ang sinumang tao kung kangino ang lisensya o sertipiko ay ibinigay alinsunod sa mga kapitulo'ng ito sa pagsubok, suspindihin ang tao ng hindi hihigit sa 12 buwan, o bawiin o tanggihan na ipanibago ang kanyang lisensya o sertipiko, o maaaring magpataw ng isang administratibo'ng multa o gumawa ng anumang kumbinasyon ng mga naunang nabanggit na pagkilos, para sa isa o higit pa sa mga sumusunod na dahilan:

1. Pagbibigay ng mali, nakaliligaw, hindi kumpleto o bahagya'ng katotohanan ng impormasyon sa kanyang aplikasyon para sa isang lisensya.

2. Paglabag sa batas na namamahala ng seguro, o sa paglabag sa isang regulasyon, kautusan o subpena ng Komisyoner o isang katumbas na opisyal ng iba pang estado.

3. Pagkakaroon o pagsubok na makakuha ng lisensya sa pamamagitan ng kasinungalingan o pandaraya.

4. Paglustay, pagpapalit o hindi wastong pagtatago ng pera o ari-arian na natanggap sa panahon ng negosyo ng seguro.

5. Sinadya'ng pagsisinungaling sa mga tuntunin ng isang aktwal na o ipinanukala'ng kontrata ng o aplikasyon para sa seguro.

6. Nahatulan ng isang mabigat na pagkakasala.
7. Pag-amin o napag-alaman na gumawa ng isang hindi patas na pagsasagawa ng kalakal o panloloko.
8. Paggamit ng panloloko, pamimipilit o hindi tapat na mga gawain, o nagpakita ng kawala'ng-kakayahan, hindi mapagkakatiwalaan o pinansiyal na kawalan ng pananagutan sa pag-sasagawa ng negosyo sa Estado'ng ito o kahit saan.
9. Pagtanggi, suspensyon o pagbawi ng isang lisensiya bilang isang taga-likha ng seguro, o ang katumbas nito, sa anumang iba pang mga estado, teritoryo o lalawigan.
10. Pagpalsipika ng pangalan ng iba sa isang aplikasyon para sa seguro o anumang iba pang mga dokumento na may kinalaman sa transaksyon ng seguro.
11. Hindi wastong paggamit ng mga tala o iba pang sanggunia'ng materyal upang makumpleto ang isang pagsusuri para sa isang lisensya na may kaugnayan sa seguro.
12. Sinadya'ng tumatanggap ng negosyo na may kaugnayan sa seguro mula sa isang hindi lisensyado'ng tao.
13. Hindi pagsunod sa isang administratibo o utos ng hukuman na nagpapataw ng isang obligasyon sa suporta ng bata.
14. Hindi pagbabayad ng buwis tulad ng kinakailangan alinsunod sa probisyon ng kapitulo 363A **ng NRS [.]** ***o seksyon 3 hanggang 45, magkakasama, ng batas na ito;***

Sec. 75. NRS 686C.360 ay inamyendahan dito upang basahin tulad ng sumusunod:
686C.360 Ang Asosasyon ay hindi saklaw mula sa pagbabayad ng lahat ng mga bayarin at lahat ng mga buwis na ipinataw ng estado'ng ito o anumang sa mga politikal na subdibisyon, maliban sa mga buwis sa ari-arian **[.]** ***at buwis na ipinataw alinsunod sa mga seksyon 3 hanggang 45, magkakasama, ng batas na ito.***

Sec. 76. NRS 687A.130 ay inamyendahan dito upang basahin tulad ng sumusunod:
687A.130 Ang Association ay hindi saklaw mula sa pagbabayad ng lahat ng mga bayarin at lahat ng mga buwis na ipapataw ng Estado'ng ito o anumang subdibisyon nito, maliban sa mga buwis:
1. Na ipinataw sa lupain o personal na ari-arian; o
2. Ipinataw alinsunod sa probisyon ng kapitulo 363A o 363B ng NRS ***[.] O seksyon 3 hanggang 45, magkakasama, ng batas na ito.***

Sec. 77. NRS 688C.210 ay inamyendahan dito upang basahin tulad ng sumusunod:
688C.210 1 Matapos ang abiso, at matapos ang isang pagdinig kung hiniling, maaaring ang Komisyoner ay suspendihin, bawiin, tanggihan upang magbigay o tanggihan na ipabago ang lisensya sa ilalim ng kapitulo kung mapag-aalaman ng Komisyoner na.:
(a) Mayroo'ng malaki'ng kasinungalingan sa kahilingan para sa lisensya;
(b) Ang lisensyado o isang opisyal, kasosyo, miyembro o makabuluha'ng tagapangangasiwa'ng empleyado ay nahatulan ng panlilinlang o gawaing panloloko, ay sumasailalim sa isang huling pagkilos administratiba para sa pag-aalis sa karapatan, o kung hindi man ay ipinakita na hindi maging karapat-dapat sa pagtitiwala o walang kaya o kakayahan;
(c) Ang isang tagapagtustos sa pagbebenta sa isang pangatlo'ng partido ng umiiral na patakaran sa seguro sa buhay ng isang may taning ang buhay ay gumawa ng isang huwaran na hindi makatwiran ang mga pagbabayad sa nagbebenta na may taning ang buhay;
(d) Ang aplikante o lisensyado ay napatunaya'ng may kasalanan o may sala ngunit may sakit sa kaisipan, o umami'ng nagkasala, nagkasala ngunit may sakit sa kaisipan o nolo contendere sa isang mabigat na kasalanan o isang maliit na kasalanan na kinasasangkutan ng pandaraya, pamamalsipika, paglulustay, pagkuha ng pera sa ilalim ng maling pagpapanggap, pagnanakaw, paghingi nang sapilitan, pagsasabwatan upang mandaya o anumang krimen na kinasasangkutan ng kahiya-hiyang kasamaan ng pag-uugali nahatulan man o hindi ng isang hukuman;
(e) Ang isang tagapagtustos sa pagbebenta sa isang pangatlo'ng partido ng umiiral na patakaran sa seguro sa buhay ng isang may taning ang buhay ay pumasok sa isang pakikipag-ayos sa pagbebenta ng umiiral na patakaran sa seguro sa buhay ng isang may taning ang buhay sa isang paraan na hindi maaaprubahan alinsunod sa NRS 688C.220;
(f) Ang isang tagapagtustos sa pagbebenta sa isang pangatlo'ng partido ng umiiral na patakaran sa seguro sa buhay ng isang may taning ang buhay ay hindi iginalang ang obligasyon ng isang pakikipag-ayos sa pagbebenta ng umiiral na patakaran sa seguro sa buhay ng isang may taning ang buhay o isang kasunduan upang bumili ng isang pakikipag-ayos sa pagbebenta ng umiiral na patakaran sa seguro sa buhay;
(g) Ang lisensyado ay hindi na nakakatugon sa mga kinakailangan para sa paunang pagpapa-lisensya;
(h) Ang isang tagapagtustos sa pagbebenta sa isang pangatlo'ng partido ng umiiral na patakaran sa seguro sa buhay ng isang may taning ang buhay ay itinalaga, inilipat o ipinangako ang isang patakaran sa seguro sa buhay ng isang may taning ang buhay sa isang tao maliban sa isa pang tagapagtustos na lisensyado sa ilalim ng kapitulo'ng ito, isang tagapamili ng pagbebenta sa isang pangatlo'ng partido ng umiiral na patakaran sa seguro sa buhay ng isang may taning ang buhay o ang isang espesyal na organisasyon;
(i) Ang aplikante o lisensyado ay nagbigay nang malaki at hindi totoo'ng impormasyon sa isang kompanya'ng nagseseguro na nagbigay ng isang patakaran na siya'ng paksa ng isang kasunduan sa pagbebenta sa isang pangatlo'ng partido ng umiiral na patakaran sa seguro sa buhay ng isang may taning ang buhay;
(j) Ang aplikante o lisensyado ay hindi nagbayad ng buwis tulad ng kinakailangan alinsunod sa probisyon ng kapitulo 363A ng NRS **[.]** ***o seksyon 3 hanggang 45, magkakasama, ng batas na ito.***
(k) Ang aplikante o lisensyado ay lumabag sa isang probisyon ng kapitulo'ng ito o iba pang naaangkop na mga probisyon; o
(l) Ang aplikante o lisensyado ay hindi naging matapat sa isang nagbebenta sa isang pangatlo'ng partido ng umiiral na patakaran sa seguro sa buhay ng isang may taning ang buhay.

2. Ang isang suspensyon na ipinataw para sa mga kadahilana'ng itinakda sa talata (k) o (l) ng subseksyon 1 ay hindi dapat lumagpas sa panahon ng isang 12 buwan.

3. Kung ang Komisyoner ay gumawa ng isang aksyon tulad ng inilarawan sa subseksyon 1, ang aplikante o lisensyado ay maaari'ng humiling sa pamamagitan ng sulat para sa isang pagdinig sa harap ng Komisyoner upang matukoy ang pagiging makatwiran ng pagkilos na ginawa ng Komisyoner, alinsunod sa mga probisyon ng NRS 679B.310 hanggang 679B 0.370, magkakasama.

Sec. 78. NRS 694C.450 ay inamyendahan dito upang basahin tulad ng sumusunod:

694C.450 1 Maliban kung iba ang ibinigay sa seksyon na ito, ang isang kompanya'ng nagseseguro sa puno'ng kompanya ay dapat bayaran sa Division, ng hindi lalagpas sa Marso 1 ng bawat taon, ng isang buwis sa halaga'ng:

(a) Ika-dalawang ika-limang bahagi ng 1 porsiyento sa unang $ 20,000,000 ng kanyang neto ng tuwira'ng bayad;

(b) Isang-ikalima'ng bahagi ng 1 porsiyento SA susunod Na $ 20,000,000 ng kanyang neto ng tuwira'ng bayad; at

(c) Ika-pitumpu't-limang libo ng 1 porsiyento sa bawat karagdagang dolyar ng kanyang neto ng tuwira'ng bayad.

2 Maliban kung iba ang ibinigay sa seksyon na ito, ang isang kompanya'ng nagseseguro sa puno'ng kompanya ay dapat bayaran sa Division, ng hindi lalagpas sa Marso 1 ng bawat taon, ang isang buwis sa isang halaga'ng:

(a) Dalawang daan at dalawampu't limang libo ng 1 porsiyento sa unang $ 20,000,000 ng kita mula sa ipinapalagay na bayad sa muling pagpapaseguro;

(b) Isang daan at limampu'ng libo ng 1 porsiyento sa unang $ 20,000,000 ng kita mula sa ipinapalagay na bayad sa muling pagpapaseguro;

(c) Dalawampu't-lima'ng libo ng 1 porsiyento sa bawat karagdagang dolyar ng kita mula sa ipinapalagay na bayad sa muling pagpapaseguro.

Ang buwis sa bayad sa muling pagpapaseguro alinsunod sa subseksyon na ito ay hindi dapat na ipataw sa bayad para sa mga panganib o mga bahagi ng mga panganib na sumasailalim sa pagbubuwis sa isang direktang batayan alinsunod sa subseksyon 1. Ang isang kompanya'ng nagseseguro sa puno'ng kompanya ay hindi hinihingan na magbayad ng buwis sa ibinabayad sa muling pagpapaseguro alinsunod sa subseksyon na ito sa kinita na may kinalaman sa pagtanggap ng mga ari-arian ng kompanya'ng nagseseguro sa puno'ng kompanya kapalit ng pagpapalagay ng pakawala ng pondo at iba pang mga pananagutan ng isa pang kompanya'ng nagseseguro na sa ilalim ng karaniwa'ng pagmamay-ari at pamamahala ng kompanya.

3. Kung ang suma ng buwis na babayaran sa pamamagitan ng isang kompanya'ng nagseseguro sa puno'ng kompanya na kinalkula alinsunod sa mga subseksyon 1 at 2 ay mas mababa sa $5,000 sa anumang naibigay na taon, ang isang kompanya'ng nagseseguro sa puno'ng kompanya ay dapat magbayad ng $5,000 buwis para sa taong iyon. Ang pinakamataas na pinagsama-samang mga buwis para sa anumang taon ay hindi dapat lumampas sa $175,000. Ang pinakamataas na pinagsama-samang mga buwis na babayaran sa pamamagitan ng isang tinangkilik na kompanya'ng nagseseguro sa puno'ng kompanya ay lapat lamang sa bawa't protektado'ng puwang at hindi ilalapat sa kabuuan ng mga tinatangkilik na kompanya'ng nagseseguro sa puno'ng kompanya.

4. Dalawa o higit pang mga kompanya'ng nagseseguro sa puno'ng kompanya na nasa ilalim ng pagmamay-ari at pangangasiwa ng lahat ay dapat buwisan na para bang sila ay isang solong kompanya'ng nagseseguro sa puno'ng kompanya.

5. Sa kabila ng anumang partikular na batas na kasalungat at maliban kung hindi ibinigay sa subseksyon, ang buwis na ibinigay sa pamamagitan ng seksyon na ito ay bumubuo ng lahat ng mga kukulektahi'ng buwis alinsunod sa mga batas ng Estado'ng ito mula sa isang mga kompanya'ng nagseseguro sa puno'ng kompanya, at walang buwis sa paghahanap-buhay o iba pang mga buwis ang maaaring ipataw o kokolektahin mula ng Estado'ng ito sa isang kompanya'ng nagseseguro sa puno'ng kompanya o ng anumang probinsiya, lungsod o munisipyo sa loob ng Estado, maliban sa mga buwis na ipinataw alinsunod sa kapitulo 363A o 363B ng NRS o ***seksyon 3 hanggang 45, magkakasama, ng batas na ito*** at buwis ayon sa halaga ng lupain o personal na ari-arian na matatagpuan sa Estado na ginagamit sa produksyon ng mga kita sa pamamagitan ng kompanya'ng nagseseguro sa puno'ng kompanya.

6. Dalawampu't-limang porsiyento ng mga kita na nakolekta mula sa buwis na ipinataw alinsunod sa seksyo'ng ito ay dapat na ideposito sa Tresurero ng Estado para sa kredito sa Kuwenta para sa Regulasyon at Pangangasiwa ng Kompanya'ng Nagseseguro sa Puno'ng Kompanya na nilikha alinsunod sa NRS 694C.460. Ang natitira'ng 75 porsiyento ng mga kita na nakolekta ay dapat na ideposito sa Tresurero ng Estado para sa kredito sa Pangkalahatang Pondo ng Estado.

7. Ang isang kompanya'ng nagseseguro sa puno'ng kompanya na binigyan ng lisensya alinsunod sa kapitulo'ng ito makaraan ang Hulyo 1, 2003, ay may karapatan upang makatanggap ng hindi ibabalik na kredito na $5000 na inilapat laban sa pinagsama-samang mga buwis na utang ng kompanya'ng nagseseguro sa puno'ng kompanya para sa unang taon kung saan ang kompanya'ng nagseseguro sa puno'ng kompanya ay natamo ang anumang sagutin para sa pagbabayad ng mga buwis alinsunod sa seksyo'ng ito. Ang isang kompanya'ng nagseseguro sa puno'ng kompanya ay may karapatan sa isang hindi ibabalik na kredito alinsunod sa seksyo'ng ito ng hindi hihigit sa isang beses pagkatapos na ang kompanya'ng nagseseguro sa puno'ng kompanya pauna'ng magka-lisensya alinsunod sa kapitulo'ng ito.

8. Tulad ng ginamit sa seksyo'ng ito, maliban kung hindi hinihingi ng kahulugan:

(a) "Mga karaniwa'ng pagmamay-ari at pamamahala" ay nangangahuluga'ng:

(1) Sa kaso ng isang namumuhuna'ng kompanya'ng nagseseguro, ang direkta o hindi direkta'ng pag-aari ng 80 porsiyento natitira'ng pagboto ayon sa puhunan ng dalawa o higit pang mga korporasyon ng

parehong miyembro o mga miyembro.

(2) Sa kaso ng isang magka-parehong kompanya'ng nagseseguro, ang direkta o hindi direkta'ng pag-aari ng 80 porsiyento o higit pa sa mga labis at kapangyarihan sa pagboto ng dalawa o higit pang mga korporasyon sa pamamagitan ng parehong miyembro o mga miyembro.

(b) "Neto'ng direkta'ng bayad" ay nangangahuluga'ng ang direktang bayad na nakolekta o kinontrata para sa mga patakaran o mga kontrata ng seguro na isinulat ng isang namumuhuna'ng kompanya'ng nagseseguro sa panahon ng mga naunang taon, ibawas ang halaga ng babayaran sa mga may-ari ng patakaran bilang balik kabayaran, kabilang ang mga dibidendo sa nakuha'ng bayad o deposito sa seguro na ibinalik o na kredito sa may-ari ng patakaran.

Sec. 79. NRS 695A.550 ay inamyendahan dito upang basahin tulad ng sumusunod:

--

695A.550 Ang bawat lipuna'ng itinatag o lisensyado sa ilalim ng kapitulo'ng ito ay ipinahayag na isang mapag-kawanggawa at mabuting institusyon, at hindi saklaw ng buwis mula sa bawat estado, probinsiya, distrito, munisipal at paaralan bukod sa ***buwis na ipinataw alinsunod sa mga seksyon 3 hanggang 45, magkakasama, ng batas na ito at*** mga buwis sa lupa'ng ari-arian at kagamitan sa opisina.

Sec. 80 1. Sumasailalim sa mga probisyon ng seksyon 82 ng batas na ito, dito ay inilaan sa Kagawaran ng Pagbubuwis mula sa Pangkalahatang Pondo ng Estado para sa pauna'ng gastos ng pangangasiwa sa mga probisyon ng seksyon 3 hanggang 45, magkakasama, ng batas na ito:

Para sa piskal na taon 2013-2014 .... $2,900,000
Para sa piskal na taon 2014-2015 .... $2,700,000

2. Ang suma'ng inilaan sa pamamagitan ng subseksyon 1 ay magagamit para sa alinman sa piskal na taon. Ang anumang natitira'ng balanse ng inilaang-gugulin na ginawa ng subseksyon 1 ay hindi dapat ipangako para sa gastos matapos ang Hunyo 30, 2015, at isasauli sa Pangkalahatang Pondo ng Estado sa oras na lahat ng mga bayarin ng salapi'ng ipinangako ay magawa.

Sec. 81 1. Sumasailalim sa mga probisyon ng seksyon 82 ng batas na ito, doon ay inilaan sa Kagawaran ng Pagbubuwis mula sa Pangkalahatang Pondo ng Estado para sa pauna'ng gastos ng pangangasiwa sa mga probisyon ng seksyon 3 hanggang 45, magkakasama, ng batas na ito:

Para sa piskal na taon 2014-2015 .... $1,400,000
Para sa piskal na taon 2015-2016----------$4,200,000

2. Ang suma'ng inilaan sa pamamagitan ng subseksyon 1 ay magagamit para sa alinman sa piskal na taon. Ang anumang natitira'ng balanse ng inilaang-gugulin na ginawa ng subseksyon 1 ay hindi dapat ipangako para sa gastos matapos ang Hunyo 30, 2016, at isasauli sa Pangkalahatang Pondo ng Estado sa oras na lahat ng mga bayarin ng salapi'ng ipinangako ay magawa.

Sec. 82. Ang mga inamyendaha'ng probisyon ng seksyon 50 at 51 ng batas na ito, gaya ng naaangkop, ay naghahangad na tumaas ang kita na kinakailangan upang suportahan ang laang-gugulin na ginawa ng seksyon 80 o 81 ng batas na ito, kung alinman ang magiging epektibo, ayon sa iniatas ng Seksyon 6 ng Artikulo 19 ng Saligang-Batas ng Nevada. Kung ang itinataas na kita ay hindi sapat upang masuportahan ang buong halaga ng inilaang-gugulin sa alinman sa piskal na taon, ang laang-gugulin para sa taong iyon ay nabawasan hanggang sa lawak ng kakulangan.

Sec. 83. 1. Kung ang batas na ito ay isinabatas ng ika-77 Session ng Lehislatura at inaprobahan ng Gobernador tulad ng ibinigay sa subseksiyon 3 ng Seksyon 2 ng Artikulo 19 ng Saligang-Batas ng Nevada:

(a) Ang seksyon na ito, mga seksyon 1 hanggang 21, magkakasama, mga seksyon 23 hanggang 50, magkakasama, mga seksyon 53 hanggang 80, magkakasama, at mga seksyon 82 at 84 ng batas na ito ay magiging epektibo sa Hulyo 1, 2013.

(b) Seksyon 22 ng batas na ito ay magiging epektibo sa Enero 1, 2014.

(c) Seksyon 50 ng batas na ito ay matatapos sa pamamagitan ng paglilimita sa Hunyo 30, 2015.

(d) Mga Seksyon 51, 52 at 81 ng batas na ito ay hindi magiging epektibo.

2. Kung ang batas na ito ay hindi isinabatas at pinagtibay tulad ng ibinigay sa subseksyon 1, ngunit inaprubahan ng mga botante matapos na ang batas ay isinangguni o isinumite sa mga botante alinsunod sa subseksyon 3 ng Seksyon 18 ng Artikulo 4 o subseksyon 3 ng Seksyon 2 ng artikulo 19 ng Saligang-Batas ng Nevada:

(a) Ang seksyon na ito, mga seksyon 1 hanggang 50, magkakasama, mga seksyon 53 hanggang 79, magkakasama, at mga seksyon 81, 82 at 84 ng batas na ito ay magiging epektibo sa

Enero 1, 2015.

(b) Seksyon 51 ng atas na ito ay magiging epektibo sa Hulyo 1, 2015.

(c) Seksyon 52 ng batas na ito ay magiging epektibo sa Hulyo 1, 2016.

(d) Seksyon 80 ng batas na ito ay hindi magiging epektibo.

3. Para sa mga layunin ng subseksiyon 1, ang batas na ito ay ituturing na naaprubahan nang Gobernador kung, alinsunod sa Seksyon 35 ng Artikulo 4 ng Saligang-Batas ng Nevada:

(a) Pinirmahan ng Gobernador ang batas;

(b) Ang batas ay ipinasa ng parehong Bahay ng Lehislatura sa ika-77 Session sa kabila ng mga pagtutol ng Gobernador; o

(c) Ang Gobernador ay nabigo'ng ibalik o iharap ang batas sa loob ng panahon na ibinigay ng Seksyon 35 ng Artikulo 4 ng Saligang-Batas ng Nevada.

Sec. 84. Kung ang anumang probisyon ng batas na ito o ang pagpapairal nito sa sinumang tao o pangyayari ay ginanap ng di-wasto o hindi epektibo, ang kawalan ng bisa o kawalan ng epekto ay dapat na bigyan ng pinaka-mababa'ng posible'ng kahulugan at hindi dapat makaapekto sa anumang iba pang probisyon o pagpapairal ng batas na ito.